



PLANO SA PANGANGASIWA NG HALALAN



Buod ng Pagganap

Kasunod ng pag-apruba ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Orange upang lumipat sa isang modelo ng sentro ng pagboto, ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Orange (OCROV) ay lumikha ng labindalawang panloob na nagtatrabahong grupo upang bumuo ng mga pamamaraan at patakaran para sa pagpapatakbo at pagsasagawa ng mga halalan sa ilalim ng modelo ng sentro ng pagboto.

- Suportang Pangwika
- Pagsunod
- Kadaliang Magamit
- Pagpili ng Lugar
- Pagsingil
- Kahong Hulugan ng Balota
- Pag-recruit
- Pagsasanay
- Kagamitan
- Lohistika
- Mga Pamublikong Pulong
- Komunikasyon

Bilang karagdagan sa pananaliksik at trabaho mula sa labindalawang panloob na nagtatrabahong grupo, tinatanggap at isinasama namin ang komentong ibinibigay ng libu-libong botante at mga komite sa pagpapayo sa komunidad tulad ng nagpapayong Nagtatrabahong Grupo sa Komunidad para sa mga Halalan (CEW) ng OCROV, subkomite ng CEW na Komite sa Pagpapayo sa Kadaliang Magamit ang Wika (LAAC), at ang subkomite ng CEW na Komite sa Pagpapayo sa Kadaliang Magamit ng Botante (VAAC). Nagpapasalamat din kami sa suporta at patnubay na ipinagkakaloob ng Kalihim ng Estado at ng limang county na lumipat sa modelo ng sentro ng pagboto noong 2018.

Ang Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP) ay nagkakaloob ng pundasyon at pumapatnubay na balangkas para sa hinaharap ng pagboto at mga halalan sa County ng Orange. Bilang karagdagan, ang OCROV ay naglunsad ng isang website na nakalaang magbigay ng kaalaman sa publiko tungkol sa mga parating na pagbabago at pagkakaloob ng mga pagsasapahon sa pagpapalano; ang website ay maaaring maakses sa ocvote.com/votecenter.

Kasunod ng pagsasapinal ng EAP, ang OCROV ay magpapatupad ng isang masaklaw na Plano para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante (VEOP) na mula sa pagpapalawak ng aming presensiya sa social media, mga pakikipagtulungan sa mga mataas na paaralan at institusyon ng mas mataas na edukasyon, at mga kolaborasyon sa mga inihalal na opisyal at mga ahensiya ng pamahalaan. Ang plano ay isang balangkas para sa OCROV upang makamit ang hangarin nito na bigyan ng kaalaman ang 1.6 na milyong botante ng County ng Orange tungkol sa mga parating na pagbabago at paglipat sa modelo ng sentro ng pagboto.

Ang unang halalan sa ilalim ng bagong modelong ito ay ang Pampresidenteng Primaryang Halalan ng Ika-3 ng Marso, 2020, at inaasahan namin ang pagkakaloob sa mga botante ng County ng Orange ng mas maginhawa at protektadong mga opsyon sa pagboto at isang pinahusay na karanasan ng botante sa pamamagitan ng modelo ng sentro ng pagboto. Lahat ng nakarehistrong botante ay tatanggap ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo at maaaring pumiling bumoto nang personal sa alinmang sentro ng pagboto sa County ng Orange.

Sa panahon ng paghahanda ng EAP, humigit-kumulang na 188 sentro ng pagboto at 110 kahong hulugan ng balota ang inaasahan batay sa kasalukuyang bilang ng botante at mga iniaatas ng Kodigo sa Halalan ng California. Maaari ring ibalik ng mga botante ang kanilang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo nang hindi mangangailangan ng paglalagay ng karagdagang selyo, sa isang lokasyon ng kahong hulugan ng balota, o sa alinmang sentro ng pagboto.

Habang lumilipat ang County ng Orange sa modelo ng sentro ng pagboto, ang aking mga tauhan at ako ay mananatiling matapat sa aming misyon na magkaloob ng mga serbisyong panghalalan para sa mga mamamayan ng County ng Orange upang matiyak ang pantay na akses sa proseso ng halalan, protektahan ang integridad ng mga boto, at panatilihin ang isang malinaw, tumpak at patas na proseso.



Neal Kelley
Tagapagrehistro ng mga Botante
Orange County, CA

Mga Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

§4005(a)(8)(A)

Ang pagpapatupad ng Batas para sa Pagpili ng Botante (VCA) sa County ng Orange ay nag-aatas na ang bawat isa ng 1.6 na milyong nakarehistrong botante ay tumanggap ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo (VBM). Nakahandang hawakan ng County ng Orange ang dami ng paglilimbag, pagpapakoreo, at pagproseso ng mga balota ng VBM na magiging resulta nitong bagong obligasyon. Ang bagong iniaatas ay sumusuporta sa kasalukuyang asal ng botante at mga inaasahang takbo, na isinaalang-alang na ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Orange (OCROV); ang paglipat sa isang haybrid na halalan sa pamamagitan ng pagboto sa pamamagitan ng koreo at personal na pagboto ay isang pagpapatindi ng mga kasalukuyang pagpapatakbo.

Karanasan

Sa halalan ng Nobyembre 2018, nag-isyu ang OCROV ng higit sa 1.1 milyong balota ng VBM sa mga botanteng ispesipikong humiling na matanggap ang kanilang balota sa pamamagitan ng koreo. Ang bilang ng mga botanteng humihiling na matanggap ang balota sa pamamagitan ng koreo ay patuloy na tumataas mula noong 2002, patungo sa pinakamataas na antas na 1.1 milyong balota, o humigit-kumulang na 69% ng kabuuang mga nakarehistrong botante. Ang pagtaas ng mga paghiling ng VBM ay nag-atas sa amin na itaas ang kapasidad na magpakoreo at magproseso ng mga balota. Ang tinaasang kapasidad na ito, na ipinatutupad na, ay magpapahintulot ng pagproseso ng mga balota ng VBM para sa lahat ng botante sa County ng Orange sa 2020.

Paglilimbag ng Balota

Hindi tulad ng karamihan sa mga county ng California, ang County ng Orange ay gumagawa ng sariling paglilimbag ng mga balota para sa lahat ng botante. Ang mga balota ay kasalukuyang nililimbag sa isang mabilis, inkjet, web-press printer. Ang pangkomersiyong antas-ng-sining na printer ay gumagawa ng mataas ang kalidad na mga imahe sa bilis na 250 talampakan kada minuto, na nagpapahintulot ng pinatuling paglilimbag ng 1.6 na milyong balota sa maikling panahon.

Paghahanda ng Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Ang OCROV ay kasalukuyang nagpapatakbo ng sarili nitong kagamitan sa pagpapasok ng koreo, na nagpapasok ng tamang balota, mga instruksiyon at sobre para sa pagbabalik sa pakete ng VBM na ipadadala sa mga botante. Ito ay magkasabay ring naglilimbag ng tirahan at kinakailangang impormasyon tungkol sa botante sa pareho ng mga sobre para sa paglalabas at pagbabalik para sa botante. Ang teknolohiyang ito ay kayang magpasok ng humigit-kumulang na 10,000 balota kada oras, nagpapahintulot sa aming opisina na ihanda ang lahat ng 1.6 na milyong balota sa isang tinantiyang panahon na dalawang linggo.

Pagproseso ng mga Ibinalik na Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Ang OCROV ay kasalukuyang nagpapatakbo ng sarili nitong mabilis na kagamitan sa pagbubukod-bukod ng pagpapakoreo na ginagamit upang iproseso ang mga ibinalik na balota. Ang kagamitang ito ay kumukuha ng imahe ng bawat ibinalik na sobre, at tinutunton kung ang balota ay naibalik na. Ang mga imahe ng mga ibinalik na sobre ay ginagamit ng mga tauhan upang magsagawa ng paghahambing ng mga pirma sa mga balota at tiyakin kung ang mga pirma ay magkatugma. Ang prosesong ito ay kayang magproseso ng hanggang 45,000 piraso kada oras, at ang mga tauhan na nagsusuri ng mga pirma ay kayang magsuri ng humigit-kumulang na 10,000 pirma kada oras. Ang

bilis ng kagamitan sa pagbubukod-bukod ng pagpakoreo, at ang pagsasama nito sa proseso ng pagsusuri ng pirma, ay magpapahintulot sa OCROV na maayos na hawakan ang tumaas na bilang ng mga ibinalik na balota ng VBM.

Pagbilang ng mga Ibinalik na Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Kasalukuyang pinapalitan ng opisina ang sistema ng pagboto nito at nagplanong doblehin ang kapasidad para sa pagproseso ng mga ibinalik ng balota ng VBM. Ang inaasahang pagtaas ng bilang ng mga ibinalik na balota ng VBM ay isinaalang-alang na sa pagbili ng mga kailangang kagamitan sa pag-scan at pagbilang ng balota upang maproseso ang mga ibinalik na balota ng VBM sa tamang oras.

Pagsubaybay sa mga Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Ang pagtaas ng bilang ng mga balota ng VBM na ipinadadala ay inaasahang magtataas ng bilang ng mga balota ng VBM na ibinabalik. Ito ay mangangailangan ng pagtaas ng mga antas ng serbisyo na ipagkakaloob sa mga botante. Inaasahang mas maraming botante ang hihiling ng katayuan ng kanilang mga balota ng VBM, ang opisina ay nagdagdag ng kakayahan ng mga botante na subaybayan ang katayuan ng kanilang mga balota online sa pamamagitan ng isang pinasadyang panloob na solusyon, ang OC Ballot Express. Ang mga balota ng VBM ay sinusubaybayan gamit ang isang barcode ng Serbisyong Pangkoreo ng Estados Unidos habang ang mga ito ay ipinakokoreo at ibinabalik sa opisina. Ang mga botante ay maaaring pumunta sa website at tingnan ang katayuan ng kanilang mga balota habang ito ay ipinadadala at ibinabalik sa aming opisina. Makikita rin nila kung ang kanilang mga balota ay bineripika at isinama sa pagbilang. Itong idinagdag kamakailan na kakayahan sa pagsubaybay sa balota ay magkakaloob ng mga datos upang pinakamahusay na tumugon sa tumaas na antas ng serbisyo na kinakailangan ng karagdagang pagproseso ng VBM.

Mga Lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Kahong Hulugan ng Balota

§4005(a)(10)(B)

Ang VCA ay nagtatatag ng mga detalyadong pamantayan at pormula para sa paglalagay at mga lokasyon ng mga sentro ng pagboto at mga kahong hulugan ng balota. Ang mga lokasyon ng mga sentro ng pagboto at kahong hulugan ng balota ay pagpapasiyahan batay sa mga ispesipikong isinasaalang-alang at iniaatas na inilarawan sa ibaba:

- Lapit sa pampublikong transportasyon
- Lapit sa mga komunidad na sa nakaraan ay mababa ang paggamit ng pagboto sa pamamagitan ng koreo
- Lapit sa mga sentro ng populasyon
- Lapit sa mga komunidad ng minoriya sa wika
- Lapit sa mga botanteng may kapansanan
- Lapit sa mga komunidad na mababa ang bilang ng mga sambahayang nag-aari ng sasakyan
- Lapit sa mga komunidad na maliit ang kita
- Lapit sa mga populasyon ng lugar na malayo sa karamihan
- Akses sa madaling magamit at libreng paradahan
- Distansiya at oras na dapat maglakbay ang botante sa pamamagitan ng kotse o pampublikong transportasyon
- Mga takbo ng trapiko

Pormula at mga Isinasaalang-alang sa Sentro ng Pagboto

§4005(a)(10)(l)(vi)(l)

Ang VCA ay nagtatag ng isang pormula para sa pagpapasiya ng bilang ng mga sentro ng pagboto batay sa bilang ng mga nakarehistrong botante. Ang county ay tinatagubilinan na magkaloob ng isang 11-araw na sentro ng pagboto para sa bawat 50,000 nakarehistrong botante at isang 4-na-araw na sentro ng pagboto para sa bawat 10,000 nakarehistrong botante. Batay sa algorithm na nakabalangkas sa VCA, ang iniaatas na pinakamababa ay 32 sentro ng pagboto na bukas para sa 11 araw, kabilang ang Araw ng Halalan, at 161 sentro ng pagboto na mananatiling bukas para sa 4 na araw, kabilang ang Araw ng Halalan, sa County ng Orange.

Ang OCROV ay nagpaplanong magkaloob ng mas maraming sentro ng pagboto kaysa mga pinakamababang iniaatas. Ang County ng Orange ay magpapatakbo ng 38 sentro ng pagboto na bukas para sa 11 araw, kabilang ang Araw ng Halalan, at 188 sentro ng pagboto na mananatiling bukas para sa 4 na araw, kabilang ang Araw ng Halalan, sa County ng Orange. Ang pagpapalawak ng bilang ng mga sentro ng pagboto ay magbibigay ng kakayahan para sa paglalagay ng mga karagdagang sentro ng pagboto sa mga nakahiwalay na komunidad na tulad ng Silverado at Trabuco Canyon.

Ang mga sentro ng pagboto ay magbubukas nang sunod-sunod, na mas marami ang bilang ng mga sentro ng pagboto na tumatakbo habang nalalapit ang Araw ng Halalan. Lahat ng sentro ng pagboto ay lubos na tatakbo sa huling apat na araw ng pagboto, kabilang ang Araw ng Halalan. Sa labing-isang araw, kabilang ang Araw ng Halalan, magkakaroon ng 38 lokasyon na bukas sa buong County. Ang bilang ng mga sentro ng pagboto ay tataas para sa huling apat na araw ng pagboto na may isang kabuuan na 188 lokasyon na bukas sa buong County ng Orange na may mga pinalawak na oras.

Mga Pinakamababang Iniaatas na Sentro ng Pagboto

Ang mga sentro ng pagboto ay pagpapasiyahan batay sa mga iniaatas na nakalagay sa batas, sa kadaliang magamit ng mga botanteng may kapansanan at mga pangangailangan sa wika, kahandaan ng lokasyon, at komento ng publiko. Ang OCROV ay gagamit ng mga datos ng botante at populasyon upang piliin ang mga pinakamahusay na lokasyon para sa mga sentro ng pagboto.

Ang OCROV ay tutukoy at magtatasa sa daan-daang posibleng pasilidad upang matiyak na ang mga lokasyon ay ipinamamahagi sa buong County ng Orange sa paraang nagkakaloob ng mas malaking akses at kaginhawahan para sa lahat ng botante.

Modelo ng Kaangkupan ng Piniling Lugar ng Sentro ng Pagboto

Ang VCA ay nag-aatas sa mga county na isaalang-alang ang labing-apat na pamantayan kapag nagtatatag ng mga sentro ng pagboto. Ang mga tauhan ng OCROV ay lumikha ng Modelo ng Kaangkupan ng Sentro ng Pagboto, na nagsasama ng pinakabagong makukuhang geospatial at demograpikong mga datos, upang isaalang-alang ang lahat ng iniaatas na pamantayan. Ang Modelo ng Kaangkupan ng Sentro ng Pagboto ay gumagamit ng isang interaktibong kasangkapan sa pagmapa na nagpapahintulot sa gumagamit na hanapin at tayahin ang anumang iminumungkahing lokasyon batay sa lahat ng iniaatas na pamantayan (tingnan ang Sentro ng Pagboto at Kasangkapan sa Pagmapa ng Kahong Hulugan ng Balota sa pahina 14).

Habang ang Modelo ng Kaangkupan ng Sentro ng Pagboto ay nagkakaloob ng mabilis at mabisang paraan upang tasahin ang mga iminumungkahing lokasyon batay sa mga iniaatas na pamantayan, ito ay hindi awtomatikong naglilinaw kung saan gagawing pinal ang mga lokasyon ng sentro ng pagboto.

Molde sa Pagtasa ng Sentro ng Pagboto

Bilang karagdagan sa pagsaalang-alang sa mga iniaatas na pamantayan, ang isang Molde sa Pagtasa ng Sentro ng Pagboto ay ginagamit upang isaalang-alang ang marami sa ibang mga elemento ng pagpili ng lugar na, bagaman hindi iniaatas ng batas, ay nakakaapekto sa proseso ng pagpili ng lugar ng sentro ng pagboto. Ang ilang halimbawa nitong mga elemento ng pagpili ng lugar ay kabilang ang kahandaan ng paradahan, sukat ng silid ng pagboto, ang pagkakaroon ng sapat na pag-iilaw, pareho sa loob at labas, at ang heograpikong lugar ng iminumungkahing lugar.

Proseso ng Pag-recruit ng Pasilidad ng Sentro ng Pagboto

Ang mga nakaraang lugar na botohan mula sa mga naunang halalan ay sinuri at tinasa kung ang mga ito ay makakatugon sa mga pinakamababang iniaatas para sa isang sentro ng pagboto. Ang mga lokasyon na hindi kayang magbigay-daan sa mga pagpapatakbo ng sentro ng pagboto, tulad ng mga pribadong tirahan at mga lokasyon na wala pang 800 kuwadrangong talampakan, ay kinontak upang ipagbigay-alam sa kanila ang paglipat sa isang bagong modelo ng pagboto at pasalamatang sila sa kanilang nakaraang serbisyo. Ang mga natitirang pasilidad ay dinala sa kasunod na antas ng pagsusuri sa proseso ng pag-recruit.

Paghahanap ng Pasilidad

Batay sa naunang proseso ng pag-recruit ng pasilidad, ang isang listahan ng 200 lugar na botohan ay tinipon upang higit na suriin at kontakin upang magsilbing mga sentro ng pagboto.

Ang mga di-pampublikong pasilidad ay kinontak para sa higit pang pagtalakay tungkol sa kahandaan at mga posibleng gastos. Ang mga pampublikong pasilidad ay kinontak upang itakda ang mga pakikipagtipan upang tingnan ang mga posibleng lokasyon ng sentro ng pagboto.


Kasabay ng nakaraang paghahanap ng lugar na botohan, ang bawat lungsod ay tinaya, at ang bawat pampublikong pasilidad at ari-arian ay idinagdag sa pangkalahatang listahan para sa higit pang pananaliksik. Bilang karagdagan, batay sa mga datos ng populasyon, ang bawat lungsod ay tinaya para sa isang inaasintang bilang ng mga sentro ng pagboto, at ang mga bagong pasilidad ng lungsod na hindi pa nakapaglingkod bilang mga lugar na botohan ay kinokontak para sa mga pagtaya ng lugar ng sentro ng pagboto.

Listahan ng mga Potensyal na Sentro ng Pagboto kasama ang mga Araw at Oras ng Pagpapatakbo §4005(a)(10)(I)(vi)(III), §4005(a)(10)(I)(vi)(VI)

Ang OCROV ay kasalukuyang nasa proseso ng pagtukoy sa mga potensyal na sentro ng pagboto at pagsasagawa ng mga pagtasa ng lugar at mga survey ng kadaliang magamit. Ang mga lokasyon ng sentro ng pagboto ay pipiliin kasabay ng mga komento ng publiko at mga iniaatas gaya ng kinakailangan ng batas. Ang pinal na listahan ng mga piniling sentro ng pagboto ay isasama sa Patnubay na Impormasyon para sa Botante (VIG) at makukuha sa website ng OCROV, ocvote.com.

Simula sa sampung araw bago ang Araw ng Halalan, ang mga piling sentro ng pagboto ay bubuksan sa mga regular na araw ng trabaho, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Lahat ng sentro ng pagboto ay mananatiling bukas 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa huling ilaw araw ng pagboto, at 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan. Tingnan ang pahina 81 sa Mga Apendise para sa Talahanayan ng 11 Araw at 4 na Araw na mga Lokasyon sa panahon ng paglalathala. Ang OCROV ay maglalathala ng isang listahan ng mga Sentro ng Pagboto sa ocvote.com/votecenter.

Mapa ng mga Potensyal na Sentro ng Pagboto



Layout ng Sentro ng Pagboto

§4005(a)(10)(l)(vi)(XI)

Ang karanasan sa pagboto sa isang sentro ng pagboto ay katulad ng pagboto sa isang tradisyunal na lugar na botohan; gayunman, ang mga sentro ng pagboto ay nag-aalay sa mga botante ng mga pinahusay na serbisyo at benepisyo na mas protektado at maginhawa. Lahat ng sentro ng pagboto ay magtataglay ng maraming istasyon ng elektronikong check-in na magpapahintulot sa mga tauhan ng sentro ng pagboto na beripikahin ang pagkakakilanlan ng botante nang mabilis at madali. Sa mga sentro ng pagboto, magagawa ng isang botante na:

- Bumoto nang personal o ihulog ang isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo;
- Gumamit ng isang madaling magamit na kagamitan sa pagmarka ng balota na nagpapahintulot sa mga botanteng may kapansanan na bumoto nang independiyente;
- Kumuha ng isang pamalit na balota;
- Kumuha ng tulong sa wika; at
- Magparehistro para makaboto o isapanahon ang impormasyon sa pagpaparehistro.

Ipatutupad ng OCROV ang mga patnubay sa layout ng sentro ng pagboto upang tiyakin na ang lahat ng kagamitan sa pagboto ay inilalagay sa isang paraan na nagpapahintulot sa isang botante na markahan ang kanyang balota nang independiyente at pribado. Ang mga layout ay magiging sensitibo sa mga pangangailangan sa kadaliang magamit ng mga botante at iaakma upang bigyang-daang ang magkakaibang hubog at sukat ng silid ng bawat lokasyon (tingnan ang pahina 80 sa Mga Apendise para sa isang halimbawang layout).

Bilang ng mga Empleyado ng Sentro ng Pagboto

§4005(a)(10)(l)(vi)(IX)

Ang inaasahang pangangailangan ng mga empleyado ng sentro ng pagboto ay batay sa bilang ng 11-araw at 4-na-araw na mga sentro ng pagboto, ang bilang ng mga istasyon ng check-in na may kaugnayan sa inaasahang kapasidad ng isang sentro ng pagboto at isang iskedyul na sumusuporta sa magkakaibang rilyebo. Ang mga pagtantiya ng bilang ng mga kinakailangang empleyado ng sentro ng pagboto ay kinakalkula batay sa isang average na pitong tauhang kailangan sa alinmang sentro ng pagboto. Ang average ay nagsasaalang-alang na maaaring may mga pagkakaiba sa bilang ng kinakailangang tauhan sa alinmang sentro ng pagboto.

Uri ng Sentro ng Pagboto	Uri ng Rilyebo		Inaasahang Pangangailangan Batay sa Rilyebo
11 na Araw	Buong Rilyebo	38 x 5 =	190
4 na Araw	Buong Rilyebo	150 x 3 =	450
11 na Araw	Di-buong Rilyebo	38 x 4 =	152
4 na Araw	Di-buong Rilyebo	150 x 8 =	1,200
Kabuuang Inaasahang Pangangailangan			1,992

Pormula at mga Isinasaalang-alang sa Kahong Hulugan ng Balota

§4005(a)(10)(l)(vi)(II)

Ang VCA ay nag-aatas sa mga county na magkaloob ng hindi bababa sa isang lokasyon ng kahong hulugan ng balota para sa bawat 15,000 nakarehistrong botante. Ang pagpaparehistro ng botante ay sinuri upang pagpasiyahan ang tinantiyang bilang ng mga kahong hulugan ng balota na kailangan sa bawat lungsod at lugar na hindi kasama sa korporasyon. Ang OCROV ay nagpaplanong maglagay ng 110 kahong hulugan ng balota sa buong County ng Orange.

Ang mga pinakamababang pamantayan ay isinasaalang-alang at tinataya habang naghahanap ng anumang potensyal na lokasyon ng kahong hulugan ng balota. Ang mga lugar ng kahong hulugan ng balota na pinakamahasay na magkaloob sa mga botante ng mga karagdagang opsyon upang protektado at maginhawang ihulog ang kanilang mga balota ay isinasaalang-alang. Ang mga pinakamahasay na pagsisikap ay ginagawa upang matukoy ang mga lokasyon na kasalukuyang may mga kamerang panseguridad sa mga lugar na iba sa mga lugar ng sentro ng pagboto at mga tanggapan ng koreo.

Mga Pinakamababang Iniaatas sa Kahong Hulugan ng Balota

§4005(a)(10)(l)(vi)(VI)

Bilang karagdagan sa mga pinakamababang iniaatas ng VCA, ang Kalihim ng Estado ng California (SOS) ay nagkaloob ng mga karagdagang regulasyon na tulad ng mga iniaatas sa kadaliang magamit at wika. Ang mga kahong hulugan ng balota ay idinisenyo upang magkaloob ng mga isinaling ayon sa batas na wika na kasama sa mga grapiko ng kahong hulugan ng balota. Ang OCROV ay nagtataya ng posibilidad ng pagdagdag ng mga karagdagang katangian upang suportahan ang mga botanteng may kapansanan, tulad ng nilalaman sa Braille o nadaramang senyas ng direksiyon, at magtatrabaho sa mga kasama sa komunidad ng may kapansanan upang magsaliksik ng mga pinakamahasay na gawain para sa isaalang-alang sa hinaharap. Ang kakayahan ng isang potensyal na lokasyon ay nakadepende rin sa pagtugon sa mga pinakamababang iniaatas sa kadaliang magamit gaya ng ipinasiya ng isang detalyadong pagtasa.

Titiyakin ng OCROV na ang lahat ng kahong hulugan ng balota ay bukas sa publiko 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ang mga kahong hulugan ng balota ay idinidisenyo upang ilagay sa labas ng gusali, sa mga pampublikong lokasyon at ang mga pampigil na hakbang na panseguridad ay isasagawa tulad ng balot laban sa bandalismo gayon din ng isang potensyal na mekanismo para sa pagsugpo sa sunog.

Modelo ng Kaangkupan ng Kahong Hulugan ng Balota

Ang mga tauhan ng OCROV ay lumikha ng Modelo ng Kaangkupan ng Kahong Hulugan ng Balota, na nagsasama ng mga pinakabagong makukuhang geospatial at demograpikong mga datos, upang isaalang-alang ang lahat ng iniaatas na pamantayan. Ang Modelo ng Kaangkupan ng Kahong Hulugan ng Balota ay gumagamit ng isang interaktibong kasangkapan sa pagmapa na nagpapahintulot sa gumagamit na hanapin at tayahin ang anumang iminumungkahing lokasyon batay sa lahat ng iniaatas na pamantayan at ispesipikong regulasyon (tingnan ang Sentro ng Pagboto at Kasangkapan sa Pagmapa ng Kahong Hulugan ng Balota sa pahina 14).

Habang ang Modelo ng Kaangkupan ng Kahong Hulugan ng Balota ay nagkaloob ng mabilis at mabisang paraan upang tasahin ang mga iminumungkahing lokasyon batay sa mga iniaatas na pamantayan, ito ay hindi awtomatikong naglilinaw kung saan gagawing pinal ang mga lokasyon ng sentro ng pagboto.

Molde sa Pagtasa ng Kahong Hulugan ng Balota

Bilang karagdagan sa pagsaalang-alang sa mga iniaatas na pamantayan, ang isang Molde sa Pagtasa ng Kahong Hulugan ng Balota ay ginagamit upang isaalang-alang ang marami sa ibang mga elemento ng pagpili ng lugar na, bagaman hindi iniaatas ng batas, ay nakakaapekto sa proseso ng pagpili ng lugar. Ang ilang halimbawa ng mga elementong ito ng pagpili ng lugar ay kabilang ang pagkakaroon ng isang kamerang panseguridad sa lugar, kahandaan ng panandalian/pansamantalang mga espasyong paradahan para sa pangkat ng pagtitipon ng balota, at pagkakaroon ng sapat na pag-iilaw sa iminumungkahing lugar.

Proseso ng Pag-recruit ng Lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota

Ang isang nagbibigay ng impormasyon na pakete ng pagpapalaganap ay binuo na kabilang ang isang liham mula sa Tagapagrehistro ng mga Botante Neal Kelley at isang nagbibigay ng impormasyon na polyeto tungkol sa kahong hulugan ng balota tungkol sa mga ispesipikasyon, inaasahan, at madalas itanong. Ang pakete ay gagamitin upang makipag-ugnayan sa mga potensyal na lugar upang magkaloob ng detalyadong impormasyon tungkol sa proseso ng kahong hulugan ng balota. Isasama sa pakete ang isang kasunduan sa kahong hulugan ng balota upang ang lahat ng partido ay magkaroon ng malinaw na pagkaunawa sa mga tungkulin at obligasyon.

Ang mga naunang lugar na botohan ay sinuri upang malaman kung ang lokasyon ay makakasupporta sa isang lugar ng kahong hulugan ng balota. Kasabay na nagtatrabaho sa mga pagpili ng potensyal na lugar ng sentro ng pagboto, ang magkakaibang potensyal na lokasyon ng kahong hulugan ng balota ay natukoy na magkaloob ng mga karagdagang opsyon para sa mga botante. Bilang karagdagan, ang pananaliksik ay isinasagawa sa mga potensyal na lugar, aklatan, at ibang mga lokasyon sa lungsod na magagamit ng publiko. Ang mga kilalang sentro ng pamimili ng tingi at pribado ang may-ari na mga ari-arian ay natukoy din bilang mga posibleng lokasyon. Lahat ng potensyal na lokasyon ng kahong hulugan ng balota ay higit pang sinusuri. Katulad ng proseso ng pag-recruit ng sentro ng pagboto, ang mga lungsod at lugar na may pinakamalaking pangangailangan ng mga kahong hulugan ng balota ay inuuna.


Ang bawat potensyal na lugar ay sasailalim sa isang pagtasa ng lugar upang malaman ang kaangkupan at kadaliang magamit. Sa sandaling lubos na masuri ang lugar, ang mga pinal na pagpapasiya ay gagawin sa potensyal na lokasyon ng alinmang paglalagay. Ito ay mangangailangan ng pagtatrabahong kasama ng mga nangungupahan sa lugar, kompanya ng pamamahala ng ari-arian at/o may-ari ng ari-arian para sa pag-apruba.

Listahan ng mga Potensyal na Kahong Hulugan ng Balota Kasama ang mga Araw at Oras ng Pagpapatakbo
§4005(a)(10)(l)(vi)(IV), §4005(a)(10)(l)(vi)(VII)

Ang OCROV ay kasalukuyang nasa proseso ng pagtukoy sa mga potensyal na lokasyon ng sentro ng pagboto at pagsasagawa ng mga pagtasa ng lugar at mga survey sa kadaliang magamit. Ang mga lokasyon ng kahong hulugan ng balota ay pipiliin kasabay ng mga komento ng publiko at mga iniaatas gaya ng kinakailangan ng batas. Ang pinal na listahan ng mga piniling kahong hulugan ng balota ay isasama sa VIG at makukuha sa website ng OCROV sa ocvote.com.

Lahat ng kahong hulugan ng balota ay mananatiling bukas sa 30 araw (kabilang ang Araw ng Halalan) at magagamit 24/7 hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan. Tingnan ang pahina 81 sa Mga Apendise para sa Talahanayan ng Kahong Hulugan ng Balota sa panahon ng paglalathala. Ang OCROV ay maglalathala ng isang listahan ng mga kahong hulugan ng balota sa ocvote.com/votecenter.

Mapa ng mga Potensyal na Kahong Hulugan ng Balota



Kasangkapan sa Pagmapa ng Sentro ng Pagboto at Kahong Hulugan ng Balota

Upang tumulong sa pagpili ng mga lugar para sa mga sentro ng pagboto at mga kahong hulugan ng balota, ang dibisyon ng GIS ng ahensiya ay lumikha ng modelo ng kaangkupan at kasangkapan sa pagmapa sa web. Ginagamit ang isang balangkas ng mga patnubay na idinisenyo ng SB 450, ispesipiko-sa-datos na mga pamantayan na ipinasiya ng mga tauhan ng OCROV, at teknolohiya ng Sistema ng Heograpikong Impormasyon(GIS), ang isang modelo ng kaangkupan ay nilikha upang magbigay ng grado at antas ng kaangkupan para sa lahat ng lugar sa County ng Orange upang pangasiwaan ang mga sentro ng pagboto at mga lokasyon ng kahong hulugan ng balota.

Upang magawa ito, ang isang grid array ng mga cell ay nilikha upang masakop ang buong County, at saka inilagay ang mga grid cell na ito ng pang-espasyong datos na may kaugnayan sa mga iniaatas na nakalagay sa SB 450. Ang mga datos ay tinitipon mula sa iba't ibang pampublikong entidad at sumasakop sa mga paksang tulad ng transportasyon, kapal ng populasyon, pagpaparehistro ng botante at takbo ng pagboto, mga paghiling na kaugnay ng wika, mga kapansanan, at kita. Ang mga tauhan ng OCROV ay nagsuri ng lahat ng datos at iniaatas at lumikha ng isang sistema ng pagrango upang itatag ang mga prayoridad sa loob ng listahan ng mga iniaatas ng SB 450. Nang matiyak ang mga prayoridad na pangangailangan, lumikha kami ng isang algorithm na nagtipon ng lahat ng datos at lumikha ng isang “iskor” para sa bawat grid cell sa County. Ang naging resultang “iskor” ay ginagamit bilang isang baseline upang malaman ang prayoridad ng pangangailangan para sa mga lokasyon ng mga sentro ng pagboto at mga kahong hulugan ng balota sa buong County.

Upang higit na tumulong sa proseso, ang isang interaktibong kasangkapan sa pagmapa sa web ay nilikha upang ipakita ang mga patong ng datos na ginagamit upang tugunan ang mga iniaatas ng SB 450, ang naging resultang grid cell array kasama ang “mga iskor” ng mga ito, at potensyal na mga lokasyon ng sentro ng pagboto at kahong hulugan ng balota batay sa mga iniingatang lugar na botohan, pampublikong impra-istruktura, at lugar na pangkomunidad. Ang kasangkapan ay nagpapahintulot ng pagsubok sa mga kasalukuyang datos, pagmungkahi ng mga bagong lugar, pagsubaybay sa progreso ng proseso ng pagpili ng lugar, at paggawa ng mga may-kaalamang desisyon.

Pamamaraan

Ginagamit ang mga patnubay na nilikha ng SB 450, ispesipiko-sa-datos na mga pamantayan na ipinasiya ng mga tauhan ng OCROV, at teknolohiya ng GIS, lumikha ng isang modelo ng kaangkupan upang katawanin ang antas ng kaangkupan sa pagtupad sa lahat ng ipinag-uutos na pamantayan para sa lahat ng lugar sa County upang pangasiwaan ang mga sentro ng pagboto at kahong hulugan ng balota.

- Lumikha ng isang 500' grid array na naghahati sa County sa magkakaibang lugar na magkakapareho ang sukat. Ang sukat ng grid cell ay ipinapasiya sa pamamagitan ng pagsusuri sa pang-espasyong resolusyon ng makukuhang datos, ang kabuuang lugar ng ibabaw ng county, at ang hinahangad na antas ng granularity para sa pagsusuri ng mga tauhan ng OCROV.
- Ilatag at pagdugtungin ang mga rekord ng pagpaparehistro ng botante, mga datos na demograpiko, at mga datos ng impra-istruktura sa grid upang lumikha ng ayon sa pamantayan na kaayusan ng mga datos.
- Lumikha ng isang sistema para sa mga halaga ng mga datos sa loob ng bawat patong ng datos upang tukuyin ang isang paraan upang matukoy ang mataas, katamtaman at mababang pagtupad sa mga pamantayan upang ipagbigay-alam ang pag-recruit ng pasilidad ng sentro ng pagboto.

Form para sa Pagmungkahi ng Pagpili ng Lugar sa Website

Ang isang pang paraan na pinipili ang mga lokasyon ng sentro ng pagboto at kahong hulugan ng balota para sa pagtasa ay ang komento ng publiko na natatanggap sa pamamagitan ng website online ng sentro ng pagboto na Form para sa Pagmungkahi ng Lugar sa ocvote.com/votecenter. Ito ay nagpapahintulot sa publiko na magkaloob ng isang pangalan ng pasilidad, direksiyon, at isang dahilan para sa pagmungkahi ng lokasyon. Ang OCROV ay patuloy na sumusubaybay sa malawak na komento tungkol sa mga lokasyon ng sentro ng pagboto at kahong hulugan ng balota.

Mga Serbisyo sa mga Botanteng May Kapansanan

§4005(a)(10)(l)(vi)(X)

Ang County ng Orange ay nakalaang sumuporta sa mga botanteng may kapansanan sa panahon ng paglipat sa mga sentro ng pagboto. Palalawakin ng OCROV ang mga serbisyo para sa mga botanteng may kapansanan tulad ng paggamit ng isang isinapanahong masaklaw na survey ng kadaliang magamit, isang sistema ng pagboto na may kasalukuyang sinusuportahang teknolohiya sa kadaliang magamit at pagpapalawak ng kakayahang ipatala ang isang balota nang independiyente mula sa tahanan.

Isinapanahong Survey ng Kadaliang Magamit

§4005(a)(4)(C)

Upang sumunod sa karagdagang mga iniaatas na kadaliang magamit, ang Listahan ng Dapat Tiyakin sa Kadaliang Magamit ng SOS ay sinuri, at ang mga karagdagang iniaatas ay idinagdag sa Survey ng Lugar na Botohan ng OCROV upang likhain ang Survey sa Sentro ng Pagboto ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Orange. Bilang pagsunod, ang pagsasapanahon ay nagpokus sa isang mas malalim na pagsusuri ng mga landas ng paglalakbay mula sa pampublikong transportasyon, paghahanap ng mga lugar na may pinakamataas na bilang ng madaling magamit na mga espasyong paradahan, at mga karagdagang tanong upang makilala ang mga uri ng mga rampa ng gilid ng bangketa.

Ang nakaraang survey ay nirepaso rin upang matiyak na ang lahat ng tanong sa kasalukuyang survey ay sumusunod sa Listahan ng Dapat Tiyakin sa Kadaliang Magamit ng SOS at sa mga iniaatas sa VCA. Ang format ng Survey ng Sentro ng Pagboto ng OCROV ay isinapanahon din mula sa dating mga papel na bersiyon at lipas nang mga elektronikong bersiyon patungo sa isang nakabase-sa-aplikasyon na programa na magagamit sa isang naililipat na elektronikong kagamitan.

Impormasyon para sa mga Serbisyo para sa mga Botanteng May Kapansanan na kasama sa mga VIG at Instruksiyon sa VBM

§4005(a)(8)(B)(i)(IV)

Isasama sa VIG ang impormasyon tungkol sa kung paano makakahiling ng tulong ang mga botanteng may kapansanan, numero ng telepono ng Nakahandang Linya ng Disability Rights California, at kung paano dapat kontakin ang OCROV para sa anumang mga pangkalahatang tanong. Bilang karagdagan, tutukuyin ng VIG na ang isang botanteng hindi kayang magmarka ng isang balota ay maaaring magsama ng hanggang dalawang indibidwal upang tumulong sa pagboto. Ang VIG ay magsasama rin ng isang postcard na may selyong bayad na para sa mga botante upang humiling ng isang malayuang madaling magamit na balota ng VBM.

Ang mga instruksiyon sa VBM ay magbibigay ng kaalaman sa mga botante na makahihiling ng mga materyal sa halalan sa isang madaling magamit na format.

Madaling Makuhang Impormasyon na Inilalagay sa Website

§4005(a)(10)(l)(i)(IV), §4005(a)(8)(B)(ii)

Ang website ng OCROV ay nagkaloob ng impormasyon sa lahat ng botante sa isang madaling magamit na format. Ang espesyal na atensiyon ay ibinigay sa disenyo ng website upang matiyak na ito ay matugunin, katugma ng mga tagabasa ng screen at madaling gamitin.

Ang website ay nagkaloob sa mga botante ng impormasyon na may kaugnayan sa proseso ng halalan, pagpaparehistro para makaboto, pagbabatas ng VCA, at sa Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP). Ang website ay magbibigay rin ng impormasyon tungkol sa mga serbisyong makukuha ng mga botanteng may kapansanan, kabilang ang:

- Kadaliang magamit ng sentro ng pagboto at kahong hulugan ng balota
- Mga kagamitan sa pagmarka ng balota
- Mga tagatulong ng mga botanteng may kapansanan
- Paghiling ng isang malayuang madaling magamit na balota ng VBM

Ang website ay maglalagay ng impormasyon tungkol sa mga uri ng serbisyong makukuha ng mga botanteng may kapansanan, ang mga serbisyong makukuha sa mga sentro ng pagboto, at iba pa. Ito ay magsasama rin ng isang listahan ng mga sentro ng pagboto at mga kahong hulugan ng balota sa madaling magamit na format.

Paano makahihiling ang isang Botanteng May Kapansanan ng isang VBM, RAVBM, o Pamalit na Balota

§4005(a)(5), §4005(a)(10)(I)(ii)

Sa paglipat sa mga sentro ng pagboto, ang isang taong may kapansanan ay makahihiling ng isang VBM, RAVBM, o pamalit na balota sa pamamagitan ng website, email, sa telepono, sa nakasulat na anyo, o nang personal sa opisina ng OCROV. Bilang karagdagan sa mga opsyong ito, ang mga botante ay makahihiling din ng isang VBM o pamalit na balota nang personal sa alinmang sentro ng pagboto at humiling ng isang RAVBM sa pamamagitan ng isang postcard na bayad na ang selyo na kasama sa bawat VIG.

Malayuang Madaling Magawang Pagboto sa Pamamagitan ng Koreol

§4005(a)(8)(B)(i)(IV)

Ang mga nakarehistrong botante ng County ng Orange na may kapansanan ay maaaring humiling ng isang maaaring i-download na balota sa pamamagitan ng pagkonekta sa sistema ng Malayuang Madaling Magawang Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM). Ang RAVBM ay nagkaloob sa mga botanteng may kapansanan ng kakayahang humiling ng isang balota ng VBM na ipadadala sa paraang elektronikal. Ang elektronikong balota ay maaaring i-download sa computer ng botante, markahan gamit ang sariling pantulong na teknolohiya ng botante at saka ilimbag. Kasunod ang balotang ito ay maibabalik sa paraang katulad ng alinmang balota ng VBM; sa pamamagitan ng koreo, mailalagay sa isang kahong hulugan ng balota; o sa alinmang sentro ng pagboto. Ang mga botante ay bibigyan ng mga instruksiyon upang ibalik ang kinumpletong balota ng RAVBM sa ibinigay na sobre para sa pagbabalik sa pakete ng VBM.

Ang OCROV ay nasa proseso ng pagpili ng isang tagabenta ng RAVBM at ang isang pinal na desisyon ay hindi pa nagagawa.

Uri at Bilang ng Madaling Magamit na mga Makina sa Pagboto

§4005(a)(2)(B), §4005(a)(4)(D), §4005(a)(10)(l)(vi)(X)

Lahat ng sentro ng pagboto ng County ng Orange ay magtataglay ng pinakamababang tatlong madaling magamit na kagamitan sa pagmarka ng balota (hanggang lima sa maraming kaso) at maaaring palawakin ang bilang ng mga kagamitan depende sa sukat ng silid ng pagboto at mga pangangailangan ng botante.

Magagawa ng isang botante na markahan ang kanyang balota gamit ang display ng touch screen, kagamitang napapatakbo ng audio, o ang kanyang sariling pantulong na teknolohiya. Ang mga madaling magamit na kagamitan sa pagmarka ng balota ay magkakaloob sa mga botanteng may kapansanan ng isang malayang karanasan sa pagboto. Ang mga kagamitan sa pagmarka ng balota ay iaayos upang pahintulutan ang lahat ng botante ng oportunidad na itala ang kanilang balota nang pribado at independiyente.

Uri at Bilang ng mga Makatwirang Pagbabago sa mga Sentro ng Pagboto

§4005(a)(6)(D), §4005(a)(10)(l)(vi)(X)

Maraming uri ng makatwirang pagbabago na iaalay sa loob ng mga sentro ng pagboto. Ang elektronikong check-in, pinakamababang pamantayan na tatlong madaling gamiting makina ng pagboto (hanggang lima sa karamihan ng mga lokasyon, depende sa nakahandang kuwadrang talampakan), at mga pisikal na pagbabago ay itatatag upang suportahan ang mga botanteng may mga kapansanan.

Ang elektronikong check-in ay magbibigay sa mga botanteng ito na may kapansanan ng opsyon na pirmahan ang listahan nang independiyente at ang mga katangiang para sa madaling paggamit ng mga elektronikong kagamitan ay magpapahintulot ng pagbabasa sa screen, pagpapalaki sa paningin, at mga nakabaligtad na kulay para sa mga may kapansanan sa paningin. Ang mga pampalaki ng tingin ay makukuha kapag hiniling, at ang mga silya ay makukuha sa mga lokasyon ng check-in at sa mga madaling magamit na yunit ng pagboto kapag hiniling. Kung kailangan ng isang botante ng karagdagang tulong, ang mga empleyado ng sentro ng pagboto ay nakahandang tumulong sa isang botante bilang gabay sa pagtingin sa pamamagitan ng silid ng pagboto, o upang basahin ang anumang impormasyon na hindi nila makita.

Bilang karagdagan sa mga pagbabagong mahihiling, ang bawat sentro ng pagboto ay sasailalim sa survey para sa kadaliang magamit. Kung kailangan, ang mga pasilidad ay maaaring lagyan ng mga rampa ng pintuan para sa maiikling pagtaas upang pumasok sa mga silid, mga cone upang matukoy ang mga panganib, at mga mat upang takpan ang mga panganib ng pagkadulas. Karamihan ng mga pasilidad ay sasabihan na iwang bukas ang mga pinto sa silid ng pagboto para sa kadaliang magamit. Paminsan-minsan, ang isang pasilidad ay maaaring magkaloob ng isang kagamitan sa pagtawag para sa balota na magagamit ng botante upang humiling ng pagboto sa gilid ng bangketa nang hindi papasok sa sentro ng pagboto; ito ay depende sa hubog ng lupa sa lokasyon.

Walang-Bayad na Linya ng Telepono para sa Botante

§4005(a)(10)(l)(vii)

Ang publiko ay pagkakalooban ng isang walang-bayad na linya ng telepono para sa botante upang tagubilinan ang mga botante sa mga katangiang nagpapadali ng paggamit upang makapagtanong at makatanggap ng impormasyon na may kaugnayan sa pagboto at halalan. Ang walang-bayad na

numero ng telepono ay ilalathala sa website ng OCROV, mga pahayag ng serbisyo sa publiko, at ipinagkakaloob sa pakikipag-ugnayan ng media at direktang impormasyon tungkol sa matatawagan ng botante kabilang ang VIG.

Ang mga botanteng bingi, nahihirapang makarinig, o may kapansanan sa pagsasalita ay maaaring gumamit ng California Relay Service (CRS) sa pamamagitan ng pagdayal sa 711 upang magamit ang sistema ng telepono sa pamamagitan ng isang tekstong telepono (TTY) o ibang kagamitan upang tawagan ang Walang-Bayad na Linya ng Telepono ng Botante ng OCROV. Sinusuportahan ng CRS ang mga sumusunod na paraan ng komunikasyon. TTY, VCO, 2LVCO, HCO, STS, VASTS, ASCII, o Boses.

Komperensiya sa Pamamagitan ng Video

Ang OCROV ay magkakaloob ng tulong sa pagsasalin ng Senyas na Wika ng Amerikano sa pamamagitan ng komperensiya sa video sa lahat ng sentro ng pagboto.

Mga Serbisyong Tulong sa Wika

Ang OCROV ay kinikilala sa buong bansa bilang isang lider sa pagkakaloob ng masaklaw at malikhaing mga serbisyong tulong sa wika sa mga botante. Mula sa pagkakaroon ng mga nakalaang tauhang may dalawang wika na naghahanda ng mga saling angkop sa kultura at pagpapanatili ng isang malawak na kalendaryo ng kaganapan, ang OCROV ay nakalaang magkaloob ng mga oportunidad para sa mga komunidad na kaugnay ng wika upang matuto ng tungkol sa paglipat sa mga sentro ng pagboto.

Mga Isinaling Sangguniang Balota at Kard ng Tulong sa Wika

§13400

Ayon sa Kodigo ng mga Halalan ng California §14201, ang OCROV ay inaatasang magkaloob ng mga sangguniang balota sa mga inaasintang presinto at isang kard na nagpapatid na ang mga isinaling sangguniang balota sa Tagalog at Farsi (Persian) ay makukuha sa mga iniaasintang presinto.

Ang mga inaasintang presinto ay tinutukoy, at ang mga kaukulang uri ng balota ay isinasalin ng isang kinontratang vendor ayon sa mga iniaatas sa ilalim ng §13307. Sa modelo ng sentro ng pagboto, ang isang isinaling sangguniang balota ay ipapaskil sa bawat sentro ng pagboto at ang mga kopya ay makukuha bilang isang masasanguning patnubay para sa mga botante na humiling ito. Bilang karagdagan sa pagtanggap sa isang isinaling masasanguning balota sa isang sentro ng pagboto, ang mga botante ay maaari ring humiling ng isang isinaling masasanguning balota sa pamamagitan ng telepono, koreo, o fax hanggang 10 araw bago ang Araw ng Halalan.

Ang County ng Orange ay nagkaloob ng isang nagsasamang kard ng tulong sa wika, na hindi lamang naglilista ng kahandaan ng mga isinaling masasanguning balota kundi ng lahat ng serbisyo sa wika na makukuha sa mga sentro ng pagboto. Mga Asyano Amerikanong Nagsusulong ng Hustisya – Inilarawan ng Los Angeles ang kard ng tulong sa wika ng OCROV bilang “pinakamahusay na gawain tungkol sa kung paano magkaloob ng tatak ng tulong sa wika para sa lahat ng county.”¹ Sa kasalukuyan, ang kard ay nasa isang papel na format at sinusubukan ng OCROV ang mga elektronikong format. Tingnan ang pahina 53 sa Mga Apendise para sa isang halimbawang kard ng tulong sa wika.

¹ Ulat ng Pagsubaybay sa Botohan ng 2018 ng Nagsusulong ng Hustisya (Pahina 11). Mga Asyano Amerikanong Nagsusulong ng Hustisya – Los Angeles.

Mga Serbisyong Tulong sa Wika kasama sa mga VIG o mga instruksiyon sa VBM at Website

§4005(a)(8)(B)

Ang mga botante ay bibigyan ng paunawa ng kanilang kakayahang humiling ng mga isinaling materyal sa halalan at mga serbisyong tulong sa wika sa VIG at mga instruksiyon sa VBM.

Ang website ay magkakaloob ng kumpletong listahan ng mga serbisyong tulong sa wika. Sa kasalukuyan, ginagamit ng OCROV ang ocvote.com/language upang magkaloob ng impormasyon tungkol sa mga serbisyong tulong sa wika sa ilalim ng modelo ng lugar na botohan. Bago ang Halalan ng Marso 2020, ang webpage na ito ay isasapanahon upang magpakita ng mga serbisyong tulong sa wika na makukuha sa ilalim ng modelo ng sentro ng pagboto.

Paglalagay ng Tauhang May Dalawang Wika sa Sentro ng Pagboto at mga Sinusuportahang Wika

§4005(a)(10)(l)(vi)(IX)

Aalamin ng OCROV ang mga sentro ng pagboto na matatagpuan sa o katabi ng isang presinto na nakatutugon sa mga iniaatas na wika sa ilalim ng pederal na Batas sa mga Karapatan sa Pagboto (VRA) para sa tulong sa wika sa tao. Bilang karagdagan, ang OCROV ay hihingi ng mungkahi ng publiko tungkol sa kung aling mga sentro ng pagboto ang dapat magtaglay ng mga indibidwal na matatas sa mga ispesipikong wika, alinsunod sa subdibisyon (c) ng §12303 at §203 ng pederal na Batas ng mga Karapatan sa Pagboto (VRA). Lahat ng pagsisikap ay gagawin upang kumuha at magtalaga ng mga tauhang may dalawang wika para sa mga sentrong ito ng pagboto.

Sa mga sentrong tinukoy na nakatutugon sa mga iniaatas ng tulong sa wika, ang mga botante ay magkakaroon pa rin ng mga opsyon na tumanggap ng mabisang tulong sa wika tulad ng isinaling mga nakasulat na materyal, tulong sa pamamagiran ng tawag sa telepono, at tulong sa pamamagitan ng komperensiya sa pamamagitan ng video.

Walang-Bayad na Linya ng Telepono para sa Botante at Pamublikong Bangko ng Telepono sa Maraming Wika

§4005(a)(10)(l)(vii), §4005(a)(10)(l)(i)(I)

Hanggang sa Araw ng Halalan, ang OCROV ay nagpapatakbo ng isang pamublikong bangko ng telepono na may mga tagapagpatakbo na dalawa ang wika sa mga wikang iniaatas ng pederal na pamahalaan at estado upang tulungan ang mga botanteng may tanong bago, sa panahon ng, at pagkatapos ng halalan upang magkaloob ng tulong sa wika. Ang mga botanteng kaugnay ng wika ay maaari ring tumawag sa isang walang-bayad na linya ng telepono para sa botante upang magtanong at tumanggap ng impormasyon na may kinalaman sa pagboto at halalan. Ang walang-bayad na numero ng telepono ay 1-888-628-6837 at ito ay naisaaktibo na. Ito ay ilalathala sa website ng OCROV, mga pahayag ng serbisyo sa publiko, at ipinagkaloob sa pakikipag-ugnayan ng media at impormasyon tungkol sa direktang matatawagan ng botante kabilang ang VIG. Magkakaroon ng isang walang-bayad na numero upang maglingkod sa publiko, kabilang ang mga komunidad na kaugnay ng wika.

Komperensiya sa Pamamagitan ng Video

Upang suplementuhan ang personal na suporta sa mga botanteng humiling ng tulong sa wika, sisimulan ng OCROV ang komperensiya sa pamamagitan ng video upang magkaloob ng tulong sa maraming wika sa lahat ng sentro ng pagboto. Ito ay titiyak na magagawa ng mga botanteng nangangailangan ng tulong sa wika na makipag-ugnayan sa mga sinanay na tauhang may dalawang wika na kayang pabigkas at biswal na patnubayan ang botante upang makabuluhang lumahok sa proseso ng pagboto, kahit na walang tauhang may dalawang wika sa sentro ng pagboto. Ang mga tauhan ay kasalukuhang naghahanap ng mga vendor at kagamitang kailangan upang ipagkaloob ang serbisyong ito; ang isang pagsubok na programa ay nakatakdang maganap sa Halalan ng Marso 2020. Ang suporta sa pamamagitan ng telepono ay makukuha rin depende sa kagustuhan ng humiling na botante.

Sa mga sinusupportahang wika ay kabilang ang:

- Espanyol
- Biyetnamis
- Tsino
- Koreano
- Farsi (Persian)
- Tagalog
- Senyas na Wika ng Amerikano

Teknolohiya sa Pagboto

Elektronikong Libro ng Pagboto

Ang mga elektronikong libro ng pagboto ay tuwirang pumapalit sa mga papel na listahan at nagkakaloob ng mekanismo upang matiyak ang mabisa at protektadong pagproseso ng mga karapat-dapat na botante sa alinmang lokasyon ng sentro ng pagboto. Gumagawa sila ng protektadong pagproseso sa pamamagitan ng pagkakaroon ng isang protektado at naka-encrypt na tunay na oras na nakagrupong koneksiyon sa tipunan ng datos sa halalan upang magpadala at tumanggap ng mga pagsasapanahon sa katayuan ng botante.

Ang isang solusyon na elektronikong libro ng pagboto na pinili ng OCROV ay isang kombinasyon ng mga kagamitang tablet hardware at programa sa computer na pag-aari ng vendor. Ang impormasyon tungkol sa botante ay matatagpuan sa loob at ginagamit ng elektronikong libro ng pagboto, at protektado ng password at naka-encrypt nakatigil man o naglalakbay ang mga datos. Bilang karagdagan sa komunikasyon sa pagitan ng elektronikong libro ng pagboto, ang server ng datos ng elektronikong libro ng pagboto ng OCROV ay inihahatid sa isang protektadong mabilis na network ng wireless broadband na sadyang ginawa para sa pagprotekta sa mga sensitibong datos. Ang OCROV ay pumili at nakipagkontrata sa isang vendor upang magkaloob ng mga elektronikong libro ng pagboto para sa mga pagpapatakbo ng sentro ng pagboto.

Sistema ng Pagboto

Ang pagsisikap na palitan ang kasalukuyang sistema ng pagboto ng County ng Orange ay nagsimula noong 2013 dahil sa nababawang magagamit na kagamitan at sa kawalan ng maipahihintulot na mga pagbabago sa isang kapaligiran na mataas ang pagkontrol.

Bilang karagdagan sa iniaatas na ang mga sistema ng pagboto ay dapat sertipikahan ng Estado ng California, ang panloob na mahihigpit na iniaatas na malawak na seguridad ay binuo at isinama sa Paghiling ng mga Mungkahi para sa pagkuha ng isang bagong sistema ng pagboto. Ang mga panloob na iniaatas ay sumasakop sa mga teknikal na bahagi ng sistema ng pagboto gayon din sa mga iniaatas sa organisasyon para sa mga matuguning vendor. Ang mga naka-encrypt na datos, ang kakayahang matuklasan ang paglikot, at ang kakayahang tugunan ang mga pamantayang panseguridad ay mga halimbawa ng mga iniaatas na isinama sa Paghiling ng Mungkahi para sa anumang bagong sistema ng pagboto.

Ang OCROV ay nakipagkontrata sa Hart InterCivic bilang isang solusyon sa sistema ng pagboto para sa mga pagpapatakbo ng sentro ng pagboto at ang kagamitan ay kinukuha sa taong 2019.

Seguridad sa Pagboto

Agresibong pinagsisikapan ng OCROV ang mga hakbang na panseguridad upang protektahan ang integridad ng ating mga halalan sa pamamagitan ng pag-uukol ng atensiyon sa mga isyung may kaugnayan sa integridad ng balota, mga sistema ng pagpaparehistro ng botante, at pagtiyak ng pagiging karapat-dapat ng mga botante. Bagaman ang mga banta ay patuloy na nagbabago at ang mga insidente ay natatangi, may mga pinakamahasay na gawain upang maghanda para sa mga banta at insidente. Ang OCROV ay patuloy na nagpapahusay ng ating mga kasalukuyang sistema at nagpapatupad ng mga bagong set ng mga pamantayan. Ang OCROV ay nagpatupad ng pisikal at cybersecurity na mga kontrol habang isinasama ang malawak na pagsasanay para sa mga empleyado. Mayroon ding mga klasipikadong hakbang na panseguridad upang tiyakin na ang mga pagsisikap na ito para sa pagpapagaan ay hindi nakokompromiso.

Mga Plano para sa Seguridad at Posibilidad Upang Matiyak ang Pagpigil at Paggambala §4005(a)(10)(l)(vi)(VIII)(ia)

Ang OCROV ay may iba't ibang paraan upang tiyakin ang pagpigil sa paggambala sa mga pagpapatakbo ng halalan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan, mga panloob na kontrol, at mga pamamaraan.

Pang-estado, Pederal, at Lokal na Pagtutulungan

Nakabuo kami ng relasyon sa aming opisina ng Pangunahing Seguridad ng Impormasyon ng County ng Orange, at sa Sentro ng Pagtasa ng Intelihensiya ng County ng Orange (OCIAC). Kami ay mayroon ding direktang relasyon sa Kawaran ng Seguridad ng Sariling Bansa (DHS), Pederal na Kawanihan ng Imbestigasyon (FBI) at sa Komisyon sa Tulong sa Halalan (EAC).

May tumaas na kolaborasyon sa mga ikot ng halalan bago at pagkatapos ng halalan. Pinahuhusay namin ang aming kamalayan sa seguridad at komunidad, kabilang ang mga regular na pulong sa opisina ng seguridad ng County, DHS, at sa FBI.

Mga Panloob na Kontrol

Mula sa isang teknikal na pananaw, ang OCROV ay nagsasama ng isang maraming-patong na pagharap upang matiyak na ang mga datos ay namamalaging naka-encrypt at protektado sa lahat ng oras. Ang mga kagamitang may mga sangkap na sinertipikahan ng Pederal na Pamantayan sa Pagroseso ng Impormasyon (FIPS) ay gagamitin at ang mga datos ay mananatiling naka-encrypt punto sa punto sa lahat ng oras. Ang pisikal na seguridad ay isinasaalang-alang din kapag pumipili ng isang lokasyon upang mangasiwa ng isang sentro ng pagboto. Tanging ang mga pasilidad na nagkakaloob ng pisikal na seguridad ang pipiliin.

Ang pamamahala ng naililipat na kagamitan ay nagpapahintulot ng buong kontrol sa pagkuha at pagpapatupad sa mga tablet, smartphone, at ibang mga kagamitan. Ang pamamahala ng naililipat na kagamitan ay nagbibigay ng kakayahang magpunas ng isang kagamitan, gumamit ng pagpapatupad ng password, nagbibigay-daan sa whitelisting o blacklisting, gumamit ng pagpapatupad ng pag-encrypt ng mga datos, kontrolin ang pamamahagii ng aplikasyon at mga pagsasapanahon sa programa sa computer, at iba pa.

Bawat sentro ng pagboto ay magkakaroon ng isang smartphone para sa paunawa kung magkaroon ng emerhensiya. Ang mga tauhan ng sentro ng pagboto ay tatanggap din ng isang hanbuk tungkol

sa mga pamamaraan na dapat sundin kung magkaroon ng emerhensiya. Ang kagamitan sa pagboto ay magkakaroon ng pamalit na baterya kung mawalan ng kuryente.

Mga Pamamaraan, Paraan at Pamantayan

Ang mga pamamaraan sa kawing ng pag-iingat ay ginagamit bilang isang kontrol na pampangasiwaan bilang bahagi ng kabuuang estratehiya upang protektahan ang mga pagpapatakbo ng halalan. Ang mga pamamaraan sa kawing ng pag-iingat ay tumitiyak na ang pisikal na pagsubaybay sa sistema ng pagboto ay nasa lugar.

Ang mga sangkap ng sistema ng pagboto ay pinoprotektahan sa loob ng isang protektadong lokasyon na nangangailangan ng may tsapang pag-akses hanggang itinalaga para sa halalan. Ang mga kagamitan sa pagboto ay inilalagay sa may numerong tatak na mga sisidlan para sa transportasyon. Ang mga kagamitan para sa memorya ay tinatatakan ng numero sa mga sistema ng pagboto. Lahat ng kagamitan sa pagboto ay sinusubaybayan kapag itinalaga at ibinalik sa OCROV.

Ang mga tauhan ng halalan ay pumipirma sa mga dokumento sa kawing ng pag-iingat para sa kagamitan sa pagboto sa mga lokasyon ng pamamahagi. Ang mga tauhan ng halalan at mga tauhan ng sentro ng pagboto ay aatasang magsuri ng mga tatak na panseguridad pana-panahon at iulat ang anumang nasirang tatak o kahina-hinalang aktibidad. Ang isang kinatawan ng OCROV ay pumipirma para sa kagamitan kapag ibinalik ito. Ang kagamitan sa pagboto ay iniimbentaryo at inilalagay sa isang protektadong lokasyon.

Mga Plano sa Seguridad at Posibilidad Upang Matiyak ang Pagpapatuloy ng Halalan Kung Magkaroon ng Paggambala

§4005(a)(10)(l)(vi)(VIII)(ib)

Ang OCROV ay gumawa ng malawak na paghahanda upang pigilan ang mga paggambala sa proseso ng mga halalan; gayunman, mahalaga rin na maghandang tumugon sa tunay na posibilidad ng isang insidente o paggambala. Ang seksyong ito ay nagsasabuo ng mga hakbang na ginawa upang maging handang ipagpatuloy ang mga pagpapatakbo ng halalan kung magkaroon ng paggambala.

Tugon ng Sentro ng Pagboto sa Panahon ng Pagboto

Sa panahon ng pagboto, ang mga tauhan ng suporta sa halalan ay matatagpuan sa buong County ng Orange, handang tumugon sa anumang insidente. Ang mga tauhan sa larangan ay may pamalit na kagamitan at suplay sa pagboto at sinasanay upang hawakan ang mga isyung teknikal. Ang oras ng pagtugon ng mga tauhang ito ng suporta ay pangkaraniwang magiging mas mababa kaysa 15 minuto. Ang tauhan sa larangan ay makakatugon din sa pagkawala ng kuryente sa isang lokasyon ng sentro ng pagboto sa pamamagitan ng mga naililipat na electric generator. Ang mga empleyado ng sentro ng pagboto ay may pang-emerhensiyang impormasyon tungkol sa matatawagan, kabilang ang isang dedikadong helpdesk na mabilis na nakakalutas ng mga isyu, o nagpapadala ng isang miyembro ng pangkat ng suporta sa larangan.


Lahat ng kagamitan ng sentro ng pagboto ay gumaganap nang independiyente at ipinatutupad nang may kakayahang magpatakbo nang walang koneksiyon sa Internet. Bawat piraso ng kagamitan ay hindi direktang nakikipag-ugnayan sa ibang kagamitan sa pagboto, at kung ang isang piraso ng kagamitan ay tumigil sa paggana, lahat ng ibang kagamitan sa pagboto ay patuloy na tatakbo.

Plano sa Pagtugon sa Insidente

Ang OCROV ay may malalim na Plano sa Pagtugon sa Insidente na magagamit kung magkaroon ng insidente sa cybersecurity, pagkawala ng kuryente o pag-atake. Ang planong ito ay nagkaloob ng isang sistematikong paraan upang matukoy, matugunan at malampasan ang isang insidente.

Ang mga napakahalagang proseso at ang mga kaugnay na pagdepende sa teknolohiya ng impormasyon ay natukoy upang tiyakin ang pagpapatuloy ng pagpapatakbo ng mga halalan kung magkaroon ng paggambala. Ito ay nagkaloob ng isang balangkas para sa pag-alam sa mga napakahalagang prosesong pangnegosyo at pagbibigay ng kakayahan sa organisasyon upang malampasan ang pagkawala ng bahagi o lahat ng aming mga kapasidad sa pagpapatakbo.

Ang tsart ng daloy ng komunikasyon sa ibaba ay naglalarawan kung paano ipamamahagi ang impormasyon sa mga botante, tauhan, at media outlet kapag may paggambala. Ang mga pagtatalaga ng awtoridad ay itinatag upang maiwasan ang maling impormasyon, gumawa ng mga pagpapasiya sa patakaran, at mga desisyon para sa mga lugar ng pagganap ng kagawaran gaya ng angkop.



Ang isang masaklaw na Plano sa Pagtugon sa Insidente ay nilikha at isasapanahon sa ilalim ng modelo ng sentro ng pagboto, isinasabuod ang mga estratehiya sa pagtugon para sa iba't ibang posibleng pangyayari.

Mga Paraan at Pamantayan §4005(a)(10)(l)(iv)

Ang layunin ng Plano sa Pagtugon ay upang ipahintulot ang pagpapatuloy ng mga pagpapatakbo ng halalan kung magkaroon ng kalamidad, insidente o pagkagambala ng serbisyo. Sa pagtukoy sa mga pamamaraan para sa mga kritikal na proseso, komunikasyon, at mga panghaliling pasilidad, ang mga pinakamaagang nakikitang paggambala sa mga pagpapatakbo ng halalan ay mapapagaan.

Mga Kritikal na Proseso

Kinikilala ng plano ang lahat ng napakahalagang proseso na kinakailangan upang patakbuhin ang isang halalan. Ang bawat isa sa mga napakahalagang prosesong ito ay sinusuri, at ang mga teknikal na pagdepende para sa bawat isa ng mga prosesong ito ay inaalam. Para sa bawat isa ng mga teknikal na pagdepende na iyon, ang isang estratehiya sa pagbangon ay nililinaw, kabilang ang

pagpapanumbalik ng mga kinakailangang datos. Bilang isang halimbawa, ang pagkakaloob ng suporta sa sentro ng pagboto ay isa sa maraming kritikal na proseso sa halalan na natukoy. Upang magkaloob ng suporta sa mga sentro ng pagboto, ang mga empleyado ay nangangailangan ng akses sa isang tipunan ng datos na may impormasyon tungkol sa sentro ng pagboto at impormasyon tungkol sa matatawagan. Samakatwid, ang Plano sa Pagtugon sa Insidente ay nag-aatas na may isang pamalit na tipunan ng datos na iyon at isang estratehiya upang maibalik ang mga datos sa isang makatwirang panahon upang ipagpatuloy ang mga pagpapatakbo.

Komunikasyon

Ang Plano sa Pagtugon sa Insidente ay humaharap din sa mga paraan ng komunikasyon, at kung maaaring magpatuloy ang komunikasyon kapag may pagkagambala. Kabilang dito ang mga panghaliling paraan ng komunikasyon kung hindi gumana ang mga pangunahing sistema na iyon. Ang mga responsibilidad ay itinatalaga para sa pamamahagi ng impormasyon, at ang mga pangunahing apektado na dapat bigyan ng komunikasyon kung pagkaroon ng pagkagambala. Ang prosesong nagambala ang nagpapasiya kung kanino dapat gawin ang komunikasyon. Halimbawa, ang ilang pagkagambala ay mangangailangan ng komunikasyon sa mga tauhan lamang ng sentro ng pagboto, habang ang ibang mga pagkagambala ay maaaring mangailangan ng komunikasyon sa media at pangkalahatang publiko.

Mga Panghaliling Pasilidad

Ang mga panghaliling pasilidad ay itinatalaga para sa mga lokal na kalamidad, tulad ng mga sunog, baha, o ibang mga kalagayan na magpapahintulot ngayon ng akses sa aming mga pangunahing pasilidad. Ang mga naililipat ng yunit ng pagboto ay maaaring italaga upang maglingkod bilang suplemento o pamalit na mga lokasyon sa pagboto.

Epekto sa Pananalapi

Ang pagpapalit ng sistema ng pagboto ay ginagawang kumplikado ang pagkumpara ng panandalian at pangmatagalang gastos at matitipid. Natapos na ang buhay ng sistema ng pagboto ng OCROV pagkatapos ng higit sa 15 taon ng matatagumpay na halalan.

Mga Tantiya ng mga Panandalian at Pangmatagalang Matitipid

§4005(a)(10)(I)(v)

Ang mga sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng paghahambing ng mga gastos sa paglisensiya at pagpapanatili ng kasalukuyan at bagong mga sistema ng pagboto, at ang mga gastos upang bumili ng isang bagong sistema sa pareho ng halalan ng modelo ng lugar na botohan at modelo ng sentro ng pagboto.

Mga gastos sa paglisensiya ng sistema ng pagboto at pagpapanatili:

	Taon ng Pananalapi 2016/2017	Taon ng Pananalapi 2017/2018	Taon ng Pananalapi 2018/2019	Taon ng Pananalapi 2019/2020 (iminungkahing badyet)
Sistema ng Pagboto ng 2018	\$730,000	\$595,000	\$595,000	\$50,000
Bagong Sistema ng Pagboto				\$15,395,592

Tinantiyang mga gastos ng bagong sistema ng pagboto para sa pareho ng lugar na botohan at sentro ng pagboto:

Uri ng Halalan	# Mga Lugar/# Mga Madaling Magamit na Yunit (kabilang ang paglaki)	Isang-beses na Pagbili ng Kagamitan (tinantiya)
Modelo ng Lugar na Botohan	900 / 1200	\$23,400,000–\$40,000,000
Modelo ng Sentro ng Pagboto	188 / 940	\$8,537,550–\$14,177,550
Pagkakaiba sa Gastos		\$14,862,450-\$25,822,450

Pangkalahatang-tanaw sa Plano para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante

§4005(a)(10)(I)(i), §4005(a)(10)(I)(i)(VI)

Ang OCROV ay nakalaang lumikha ng mga bagong relasyon sa mga organisasyong pangkomunidad at mga apektado, gayon din ng pagpapalakas sa ating mga kasalukuyang relasyon sa mga kasama sa komunidad sa panahon ng paglipat sa modelo ng sentro ng pagboto.

Sa 2020, ang OCROV ay patuloy na lalahok sa mga kaganapan na laging dinadaluhan sa nakaraan, at bubuo rin ng mga malikhain at mas mabisang mga paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga botante. Itong Plano para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante (VEOP) ay magbibigay-diin sa mga ginaganap na pakikipag-ugnayan na pag-uugnayin at dadaluhan ng organisasyon, babalangkas ng mga bagong estratehiya sa pagmensahe na magtataas ng ating paglahok sa komunidad, at magdedetalye kung paano ang mga kakayahan ay ilalaan nang mas mabisa sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga pangunahing punto ng datos.

Buod ng mga Hangarin

- Mga Presentasyon ng Roadshow sa mga Sentro ng Pagboto 2020
- Mga workshop ng sentro ng pagboto
- 50 malalaking kaganapan para sa paglahok ng komunidad
- 100 maliit-hanggang-katamtamang kaganapan para sa paglahok ng komunidad
- Naililipat na pagboto sa mga Halalan ng Marso 2020 at Nobyembre 2020
- Pakikipagtulungan sa mga kolehiyo at unibersidad
- Pakikipagtulungan sa mga mataas na paaralan
- 2-4 na tuwirang kontak sa botante
- Isang set ng higit sa 70 ginawang video
- Nadagdang presensiya sa social media

Mga Kasama sa Komunidad

§4005(a)(10)(I)(i)(III)

Sa matagumpay na pagpapanatili ng isang programang pakikipag-ugnayan sa komunidad ay kasama ang pagpapanatili ng mga naitatag na pakikipagtulungan sa nakabase-sa-komunidad na mga grupo/mga organisasyon. Ang OCROV ay nakikipagpulong sa mga dedikadong indibidwal mula sa iba't ibang organisasyon sa buong County ng Orange kabilang ang mga grupo ng pagtataguyod, sibikong grupo, liga ng mamamayan, sentro ng nakatatanda, at ibang mga indibidwal. Ang mga relasyong ito ay nagsimula noon pang 1998 at ang bilang ng mga organisasyon ay patuloy na lumalaki sa bawat taon.

Nagtatrabahong Grupo para sa Halalan sa Komunidad

Ang Nagtatrabahong Grupo sa Komunidad para sa Halalan (CEW) ay isang magkakaibang 25-miyembro ng lupon sa pagpapayo ng komunidad na nakalaang tiyakin na ang mga halalan ay bukas at madaling magamit. Mula nang itatag noong 2009, ang pulong ng CEW kada tatlong buwan ay isinasagawa na naglinang ng mahahalagang mungkahi mula sa komunidad tungkol sa proseso ng mga halalan. Ang nagpapayong grupo ay nagkakaloob din ng isang talakayan para ipagbigay-alam

ng OCROV sa komunidad sa kabuuan ang tungkol sa mga isyu at itaguyod ang paglahok ng komunidad.

Sa mga miyembro ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, kinatawan mula sa komunidad na Latino, komunidad na Asyano, mga Klerk ng Lungsod, Liga ng mga Kababaihang Botante, Partidong Republikano, Partidong Demokratiko, mga alternatibong partido, komunidad ng nakatatanda, komunidad ng mga beterano, komunidad ng may kapansanan, populasyon ng kabataan (mga botanteng 18 hanggang 25 taong gulang) at mga pangkalahatang posisyon.

Subkomite ng CEW na Komite sa Pagpapayo sa Kadaliang Magawa ang Pagboto at Komite sa Pagpapayo sa Kadaliang Magamit ang Wika
§4005(a)(9)(A), §4005(a)(9)(B), §4005(a)(10)(i)(I)

Ipinatupad sa unang bahagi ng 2017, ang Subkomite ng CEW na Komite sa Pagpapayo sa Kadaliang Magawa ang Pagboto (VAAC) at ang Subkomite ng CEW na Komite sa Pagpapayo sa Kadaliang Magamit ang Wika (LAAC) ay dalawang independiyenteng komite ng CEW na nagtalagang magpokus sa mga pangangailangan ng mga botanteng may kapansanan at mga komunidad ng minoriya sa wika.

Ang misyon ng LAAC ay upang magpayo at tulungan ang OCROV sa pagpapatupad ng mga pederal at pang-estadong batas na may kaugnayan sa paggamit ng wika, upang magawa ng lahat ng botante na makabuluhang lumahok sa proseso ng pagboto. Ang LAAC ay nagbibigay rin ng mga rekomendasyon na tumutukoy at nag-uuna sa mga aktibidad, programa, at patakaran upang matiyak ang pantay na akses sa balota. Sa mga responsibilidad ng komite ay kabilang ang mga sumusunod: pagkaloob ng kadalubhasaan sa mga isyu sa paggamit ng wika; pagtataguyod ng mga inisyatibo sa paggamit ng wika; at pagsagot sa mga tanong ng OCROV na nauukol sa suportang pangwika.

Ang misyon ng VAAC ay upang payuhan at tulungan ang OCROV sa pagkaloob ng mga serbisyo sa mga botante na may mga pangangailangang kaugnay ng kadaliang magamit at pagtugon sa mga pang-estado at pederal na iniaatas, kaya lahat ng oportunidad upang magkaloob ng pantay ng akses ay sinusubok. Ang VAAC ay nagbibigay rin ng mga rekomendasyon na tumutukoy at nag-uuna sa mga aktibidad, programa, at patakaran upang matiyak na magagawa ng mga botanteng may kapansanan na independiyenteng botohan ang isang balota. Sa mga responsibilidad ng komite ay kabilang ang mga sumusunod: pagkaloob ng kadalubhasaan sa mga bagay na kaugnay ng kadaliang magamit; pagsasama ng mga pamamaraan sa kadaliang magamit sa mga pagpapatakbo; ang pagbibigay ng komento sa OCROV tungkol sa mga pamantayan sa kadaliang magamit at pakikipag-ugnayan sa mga botanteng may mga pangangailangang kaugnay ng kadaliang magamit.

Ang mga adyenda sa pulong ng CEW at ang mga subkomite na LAAC at VAAC at isang listahan ng mga miyembro at sumusuportang organisasyon para sa bawat grupo ay matatagpuan simula sa pahina 63 sa Mga Apendise. Ang mga kasama sa komunidad ng wika at ang mga kasama sa komunidad ng may kapansanan ay nakalista sa pahina 52 sa Mga Apendise.

Mga Workshop para sa Edukasyon ng Botante para sa mga Komunidad na Kailangan ng Tulong sa Wika
§4005(a)(10)(i)(VI)(ia)

Kasunod ng pinal na paglalathala ng EAP, ang OCROV ay magsasagawa ng maraming workshop para sa edukasyon ng botante upang magbigay ng impormasyon tungkol sa sentro ng pagboto at halalan para sa bawat isa ng mga wikang iniaatas ng estado at pederal na pamahalaan ng County ng Orange. Sa 2020, isasama sa mga wikang ito ang Espanyol, Biyetnamis, Tsino, Koreano, Farsi (Persian), at Tagalog.

Isasama ng bawat workshop ang impormasyon tungkol sa modelo ng sentro ng pagboto, mga pagpapamalas ng kagamitan sa pagboto, mga serbisyong tulong sa wika, mga opsyon sa paghahatid ng balota, at mga paraan upang humiling ng mga isinaling materyal sa halalan. Ang impormasyon tungkol sa mga workshop ay ipapahayag nang hindi bababa sa 10 araw na maaga sa petsa at ibabahagi sa LAAC at mga organisasyon ng komunidad na kailangan ng tulong sa wika.

Ang OCROV ay makikipagtulungan sa CEW LAAC at sa mga kasama nito sa komunidad ng wika upang pagpasiyahan ang bilang ng mga workshop, petsa ng workshop, oras, at lokasyon, at anu-anong mga materyal ang ipamamahagi upang pinakamahusay na paglingkuran ang mga botante sa mga pangangailangan sa wika.

Mga Paraan Upang Tukuyin ang mga Komunidad na Kailangan ng Tulong sa Wika §4005(a)(10)(l)(i)(V)

Ginagamit ng OCROV ang bilang ng mga botanteng humiling ng tulong sa wika sa pamamagitan ng mga form ng pagpaparehistro ng botante. Ang mga botante ay maaari ring magbigay ng paunawa sa OCROV ng gusto nilang wika sa pamamagitan ng telepono, fax, email o online upang isapanahon ang kanilang gustong wika. Ang mga pinagkukunang tulad ng Kawanihan ng Sensus ng Estados Unidos ay tumutulong na matukoy ang mga lugar kung saan maaaring may komunidad na limitado ang kasanayan sa Ingles at maaaring mangailangan ng tulong sa wika.

Bilang karagdagan, ang OCROV ay tumatanggap ng mungkahi mula sa mga kasama sa komunidad tungkol sa pamamahagi sa lugar kung saan ang mga komunidad na kailangan ng tulong sa wika ay matatatagpuan sa County ng Orange.

Walang-Bayad na Linya ng Telepono para sa Botante at Maraming Wikang Pampublikong Bangko ng Telepono §4005(a)(10)(l)(vii), §4005(a)(10)(l)(i)(I)

Patungo sa Araw ng Halalan, ang OCROV ay nagpapatatag ng isang pampublikong bangko ng telepono na ang mga tauhan ay may dalawang wika sa mga wikang iniaatas ng pederal at pang-estadong pamahalaan upang tulungan ang mga botanteng may mga tanong bago, sa panahon, at pagkaraan ng isang halalan upang magkaloob ng tulong sa wika. Ang mga botanteng kaugnay ng wika ay maaari ring tumawag sa isang walang-bayad na linya ng telepono para sa botante upang magtanong at tumanggap ng impormasyon na may kinalaman sa pagboto at halalan. Ang walang-bayad na numero ng telepono ay 1-888-628-6837 at ito ay naisaaktibo na. Ito ay ilalathala sa website ng OCROV, mga pahayag ng serbisyo sa publiko, at ipinagkaloob sa pakikipag-ugnayan ng media at impormasyon tungkol sa direktang matatawagan ng botante kabilang ang VIG. Magkakaroon ng isang walang-bayad na numero upang maglingkod sa publiko, kabilang ang mga komunidad na kaugnay ng wika.

Mga Workshop para sa Edukasyon ng Botante para sa mga Komunidad ng May Kapansanan §4005(a)(10)(l)(i)(VI)(ib)

Kasunod ng pinal na paglalathala ng EAP, ang OCROV ay magsasagawa ng maraming workshop para sa edukasyon ng botante upang itaas ang kadaliang magamit at paglahok ng mga karapat-dapat na botanteng may kapansanan. Isasama sa workshop ang edukasyon tungkol sa modelo ng sentro ng pagboto, mga pagpapamalas ng kagamitan sa pagboto, ang kadaliang magamit ang kagamitan sa pagboto, impormasyon tungkol sa hulugan ng balota, at mga opsyon para sa pagtatamo ng isang elektronikong madaling magamit na balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Ang OCROV ay makikipagtulungan sa CEW VAAC at sa mga kasama nito sa komunidad ng wika upang pagpasiyahan ang bilang ng mga workshop, petsa ng workshop, oras, at lokasyon, at anu-anong mga materyal ang ipamamahagi upang pinakamahusay na paglingkuran ang mga botante sa mga pangangailangan sa wika. Sa mga posibilidad ay kabilang ang pagbuo ng mga video para sa instruksiyon at impormasyon tungkol sa mga paksang tulad ng RAVBM at mga nakahandang serbisyo para sa mga botanteng may kapansanan at mga sentro ng pagboto.

Ang impormasyon tungkol sa mga workshop ay ipapahayag nang hindi bababa sa 10 araw na maaga sa petsa at ibabahagi sa VAAC at mga organisasyon ng komunidad ng may kapansanan.

Pakikipag-ugnayan Tungkol sa Malayuang Madaling Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo §4005(a)(10)(l)(i)(II)

Ang OCROV ay bubuo ng plano sa pakikipag-ugnayan upang ipagbigay-alam sa mga botante ang kahandaan ng RAVBM sa pakikipagtulungan sa CEW VAAC. Ang iba't ibang mga estratehiya ay lilikhain batay sa inaasintang madla at mga pinakamahusay na gawain tungkol sa kung paano maaabot sila. Ito ay ipatutupad bilang isang bahagi ng mas malaking kabuuang estatehiya para sa media para sa pagbibigay ng impormasyon at pagpapalahok sa mga botante patungo sa Ika-3 ng Marso, 2020 na Pamresidenteng Primaryang Halalan.

Mga Mataas na Paaralan

Ang OCROV ay may matatag na relasyon sa mga mataas na paaralan sa pamamagitan ng mga premyadong programang MyBallot. Ang programang MyBallot ay nagkaloob sa mga estudyante ng mataas na paaralan ng kasaysayan ng pagboto at mga interaktibong oportunidad upang matutuhan ang tungkol sa paglikha ng balota, pangangasiwa ng halalan ng estudyante na may opisyal na kagamitan sa pagboto, at pangangasiwa ng pagbilang sa mga resulta ng halalan. Mula nang itatag ito noong 2010, higit sa 4,000 estudyante mula sa 22 mataas na paaralan ang lumahok at nakakuha ng mas mahusay na pagkaunawa sa proseso ng halalan at pagboto.

Ang programang MyBallot ay binuo sa pamamagitan ng tradisyunal na modelo ng lugar na botohan at muling iaakma sa paglipat patungo sa modelo ng sentro ng pagboto. Gagamitin ng OCROV ang mga kasalukuyang relasyon sa mga mataas na paaralan upang magkaloob ng mga oportunidad bago ang pagpaparehistro, impormasyon tungkol sa kung paano isinasagawa ang mga halalan sa ilalim ng modelo ng sentro ng pagboto, at pagsasanay para sa pagpaparehistro ng botante.

Mga Kolehiyo at Unibersidad

May humigit-kumulang na 28 kolehiyo at unibersidad na may mga kampus sa County ng Orange. Ang OCROV ay bumuo ng mga relasyon sa mga kolehiyo at unibersidad sa pamamagitan ng pangangasiwa sa mga kaganapan sa pamamagitan ng mesa sa kampus kung saan ang impormasyon tungkol sa pagboto at halalan ay ipinagkakaloob, pagsasanay sa pagpaparehistro ng botante sa mga organisasyon ng estudyante at mga nakatakdang pagsasalita kapag may mga klase at sa mga pulong ng klab ng estudyante.

Bilang karagdagan, dinala ng OCROV ang Naililipat na Yunit ng Paglahok sa Komunidad at Pop-Up na Naililipat na Yunit sa Pagboto sa mga kampus ng kolehiyo at unibersidad na may muling idinisenyong kolateral sa pagpapalaganap upang umakit ng atensiyon ng mga estudyante, guro, at tauhan. Sa mga halimbawa ay kabilang ang pangangasiwa sa Pop-Up na Naililipat na Yunit sa Pagboto sa Saddleback College, Golden West College, Unibersidad ng Estado ng California sa Fullerton (CSU Fullerton), at Unibersidad ng California sa Irvine (UC Irvine) sa mga nakalipas na taon ng halalan.

Ang mga unang pag-uusap ay naganap upang bumuo ng mga masaklaw na plano sa pagpapalaganap para sa mga kolehiyo at unibersidad at subukan ang posibilidad ng pangangasiwa ng alinman sa isang sentro ng pagboto o kahong hulugan ng balota sa kampus. Ang OCROV ay nagsimula na ng mga pagsisikap sa pareho ng CSU Fullerton at UC Irvine upang mangasiwa ng isang lokasyon ng sentro ng pagboto sa kampus at subukan ang mga katulad na oportunidad sa ibang mga lokal na kolehiyo at unibersidad.

Mga Kasama sa Negosyo

Ang OCROV ay makikipagtulungan sa mga kapisanan ng negosyo at mga kamara de komersiyo upang magkaloob ng mga nakatakdang pagsasalita, pagsasanay sa pagpaparehistro ng botante, at pang-impormasyon na aktibidad sa mesa at pulong. Sa mga nakaraang pagtutulungan ay kasama ang pagdadala ng Pop-Up na Naililipat na Yunit sa Harvest Festival ng Kamara de Komersiyo ng Ladera Ranch at paghahatid ng mga pagsasapanahon na may kaugnayan sa pagboto at mga kaganapan na pinangangasiwaan ng mga lokal na kamara de komersiyo. Bilang karagdagan, ang OCROV ay nasa proseso ng pagpapalano ng isang presentasyon na Roadshow sa mga Sentro ng Pagboto 2020 na nakatuon sa komunidad ng negosyo.

Mga Nakatakdang Pagsasalita at ang mga Kaganapang Pangkomunidad

Mga Nakatakdang Pagsasalita

Ang sangkap na nakatakdang pagsasalita ng programang pakikipag-ugnayan sa komunidad ng OCROV ay isang mahalagang bahagi ng pakikipag-ugnayan sa mga botante na nagtataglay ng maraming iba't ibang kasaysayan sa buong County ng Orange. Sumasakop sa magkakaiba at malawak na lugar, ang programa ay naglalayong magkamit ng mga sumusunod na hangarin:

- Bigyan ng kaalaman ang mga botante tungkol sa proseso ng paghalal, kabilang ang paglipat sa modelo ng sentro ng pagboto
- Magbigay ng impormasyon tungkol sa mga espesyal na programa, mga online na katangian at pagpaparehistro ng botante
- Iugnay at pagsikap ang mga oportunidad sa pagtutulungan

Ang pokus ay upang magkaloob ng maliit at malaking komunikasyon sa komunidad. Ang mga nakatakdang pagsasalita ay kinabibilangan ng pagdalo sa iba't ibang mga pulong at kaganapan sa komunidad at pagsasagawa ng di-partidista, niyutral, at sensitibo sa kultura na mga presentasyon.

Dahil maraming grupo sa loob ng County ng Orange, ang mga nakatakdang pagsasalita ay nagpapahintulot sa OCROV na itaguyod ang mga serbisyo, bumuo ng mga pagtutulungan, at makipag-ugnayan sa iba't ibang komunidad. Sa mga inaasintang grupo ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga sumusunod:

- Mga grupong pangkomunidad
- Mga klab ng Rotary
- Mga Kapisanan ng Magulang at Guro
- Mga klab na pangkultura
- Mga organisasyon na nagseserbisyo
- Mga simbahan
- Mga unibersidad
- Mga organisasyon ng estudyante
- Mga di-nagtutubong organisasyon
- Mga sentro ng nakatatandang mamamayan
- Mga klase sa pagiging mamamayan
- Mga kapisanan ng propesyonal
- Mga ahensiya ng serbisyo sa publiko
- Mga grupo ng kabataan

Mga Presentasyon ng Roadshow sa mga Sentro ng Pagboto 2020

Ang Roadshow sa mga Sentro ng Pagboto 2020 ay isang naglalakbay na serye ng buwanang presentasyon kung saan ang mga tauhan ng OCROV ay nagkaloob ng mga pagsasapanahon sa pagpapalano ng sentro ng pagboto. Ang Roadshow sa mga Sentro ng Pagboto 2020 ay nagsimula nitong Mayo 2019 at ang isang natitirang iskedyul ng mga parating na kaganapan ay nakalista sa pahina 62 sa Mga Apendise.

Ang mga plano para sa Roadshow sa mga Sentro ng Pagboto 2020 pagkatapos ng Halalan ng Marso 2020 ay hindi pa naipapasiya.

Kawanihan ng mga Tagapagsalita

Bilang karagdagan sa mga nakatakdang pagsasalita na sinusupportahan ng mga tauhan ng OCROV, ang Kawanihan ng mga Tagapagsalita ay bubuuin upang sanayin ang mga lider ng komunidad upang magharap ng impormasyon tungkol sa sentro ng pagboto bilang mga pinagkakatiwalaang mensahero ng komunidad. Dating nagpatakbo ang OCROV ng isang programang Kawanihan ng mga Tagapagsalita sa paglulunsad noong 2004 ng bagong kagamitan sa pagboto, at ang Kawanihan ng mga Tagapagsalita ng 2020 ay magpopokus sa mga oportunidad para sa mga botante at sa pangkalahatang publiko upang malaman ang tungkol sa paglipat sa mga sentro ng pagboto.

Ang mga organisasyong pangkomunidad ay iibibitahan na magmungkahi ng mga miyembro upang lumahok sa Kawanihan ng mga Tagapagsalita. Ang mga indibidwal na lumalahok sa Kawanihan ng mga Tagapagsalita ay tatanggap ng mga materyal sa pagsasanay at presentasyon upang mabisang magkaloob ng pangkalahatang-tanaw sa paglipat sa mga sentro ng pagboto.

Mga Pagpapakita ng Sistema ng Pagboto

Kasunod ng isang detalyado at malinaw na proseso ng pagtatamo, ang isang bagong sistema ay inaprobahan ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Orange noong Setyembre 2019 at papalitan ang kasalukuyang 15-taon nang sistema ng pagboto. Ang bagong sistema ng pagboto ay sertipikado ng pareho ng Komisyon sa Tulong sa Halalan ng U.S. at ng Kalihim ng Estado at mag-aalay ng mga bagong katangian upang gawing mas madali ang pagboto at ang mga lugar ay mas madaling mapuntahan ng mga botante.

Upang magtaas ng kamalayan at magkaloob ng edukasyon sa publiko, ang OCROV ay magsasagawa ng pinakamababang 20 demonstrasyon ng sistema ng pagboto bago ang Marso 2020 na Halalan kung saan magagawa ng publiko na makita ang at magkaroon ng interaksyon sa bagong sistema ng pagboto. Ang mga pagsisikap ay gagawin upang asintahin ang malalaking kaganapan at makipagtulungan sa mga kasama sa komunidad upang makamit ang matinding epekto at pagkahantad sa maraming botante.

Mga Kaganapan sa Komunidad

Upang panatilihin ang presensiya ng OCROV sa komunidad, patuloy na ipopokus ng OCROV ang pagdalo sa pakikipag-ugnayan sa komunidad sa pareho ng maliit hanggang katamtaman at malalaking kaganapan. Ang OCROV ay dadalo sa mga kaganapang ito upang magbigay ng impormasyon tungkol sa paglipat sa modelo ng sentro ng pagboto, pagboto, at ibang impormasyon tungkol sa halalan. Ang mga tauhan ay magpapaahok sa publiko, sasagot sa mga tanong, at tutulong sa pagkumpleto ng mga form ng pagpaparehistro ng botante. Sa paglahok sa mga kaganapang ito, ang OCROV ay magkakaroon ng akses sa libu-libong indibidwal sa mga komunidad sa buong County ng Orange. Ang isang listahan ng potensyal na mga kaganapan sa komunidad na pinagsisikapan sa ikot ng halalan ng 2020 ay makukuha sa pahina 92 sa Mga Apendise.

Mga Inihalal na Opisyal at mga Ahensiya ng Pamahalaan

Gagamitin ng OCROV ang kasalukuyang relasyon sa pagtatrabaho sa mga ahensiya ng pamahalaan at inihalal na opisyal upang itaas ang kamalayan ng publiko tungkol sa paglipat sa mga sentro ng pagboto.

Pulong para sa Nagtutulungang Pagpapalano ng Taglagas ng 2019

Sa Taglagas ng 2019, ang OCROV ay mangangasiwa ng isang pulong para sa nagtutulungang pagpapalano sa pakikipagtulungan kay Kalihim ng Estado Alex Padilla. Sa mga iimbitahan ay kabilang ang mga inihalal na opisyal ng County ng Orange, mga ahensiya ng pamahalaan, at mga tauhan upang talakayin ang mga sentro ng pagboto at mga oportunidad upang bigyan ng kaalaman ang mga manghahalal tungkol sa mga parating na pagbabago sa pagboto at mga halalan. Ito ay sasalamin sa matagumpay na presentasyon ng Roadshow sa mga Sentro ng Pagboto 2020 na pinangasiwaan ng OCROV kasama ang mga klerk ng lungsod at mga tagapangasiwa ng pamahalaan ng County ng Orange noong Mayo 2019.

Sa mga potensyal na oportunidad sa pakikipagtulungan ay kabilang ang pangangasiwa ng isang sentro ng pagboto o kahong hulugan ng balota sa isang lokasyon ng pampublikong ahensiya, paggawa ng mga materyal ng impormasyon na makukuha sa mga pisikal na lugar at online sa mga website, at paghahatid sa mga manghahalal ng impormasyon tungkol sa sentro ng pagboto at pagboto.

Ang pulong na ito ay naglalayong palakasin ang patuloy na pagtutulungan upang ihatid ang impormasyon at suportahan ang mga botante sa pagitan ng OCROV, inihalal na opisyal, at ahensiya ng pamahalaan sa 2020 at pagkaraan.

Nagtutulungang Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

Pakikipagtulungan sa 2-1-1

Pagsisikapan ng OCROV ang isang malikhaing pakikipagtulungan sa 2-1-1 Orange County. Ang 2-1-1 Orange County ay isang di-nagtutubong 501(c)(3) na organisasyon na nag-aalay ng isang masaklaw na impormasyon at sistema ng pagrekomenda para sa mga residente ng County ng Orange upang tumanggap ng mga serbisyong pangkalusugan at panlipunan at suporta sa komunidad.

Maririnig ng mga tumatawag ang isang pagrekord sa sentro ng pagboto at impormasyon tungkol sa halalan habang naghihintay silang maikonekta. Ang mga Espesyalista sa Impormasyon at Pagrekomenda ng 2-1-1 ay tatanggap ng impormasyon tungkol sa sentro ng pagboto, maaaring mahanap ang pinakamalapit na sentro ng pagboto o kahong hulugan ng balota para sa isang botante at irekomenda ang mga botante sa OCROV para sa karagdagang tulong.

Pakikipagtulungan sa Ahensiya ng Transportasyon ng County ng Orange

Ang Ahensiya ng Transportasyon ng County ng Orange (OCTA) ay ang opisyal na tagapagkaloob ng pambuong-county na pampublikong transportasyon sa County ng Orange. Sa pakikipagtulungan sa OCTA, ang OCROV ay naglalayong balutan ang mga pampublikong bus at mga bangko ng hintuan ng bus ng mensahe ng pagpapalaganap sa sentro ng pagboto. Sa paggamit ng estratehiyang ito, ang oportunidad ay hindi lamang nagtataas ng kamalayan sa sentro ng pagboto sa mga botanteng gumagamit ng pampublikong transportasyon kundi sa sinumang indibidwal sa paligid ng isang sasakyan o hintuan ng pampublikong transportasyon.

Pakete ng Pagpapalaganap sa Sentro ng Pagboto para sa mga Ahensiya ng Pamahalaan

Ang isang pakete ng pagpapalaganap ay bubuuin para sa mga ahensiya ng pamahalaan upang mag-alay ng mga materyal na pang-impormasyon sa iba't ibang lokasyon ng pampublikong ahensiya. Ang mga isinaling materyal sa pagpapalaganap ay makukuha at ipagkakaloob sa mga ahensiya ng pamahalaan kung hihilingin.

Sa pakete ay kabilang ang, pero hindi limitado sa:

- Mga brochure
- Mga polyeto
- Mga poster
- Mga Madalas na Itanong:
- Mapa at Listahan ng mga Lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Kahong Hulugan ng Balota

Set ng Paglahok sa Komunidad

Pangkalahatang Plano sa Media

§4005(a)(10)(i)(I)

Upang ipagbigay-alam sa mga botante ng County ng Orange ang mga parating na pagbabago sa pagboto at mga halalan, ang OCROV ay gagawa ng malawak na pagharap upang marating ang

pinakamaraming botante na posible, nang maraming beses. Sa paggamit ng magkahalong pagharap ng social media, direktang pagpapakoreo, paglilimbag, pagsasahimpapawid, video, online, at radyo, ang aming hangarin ay dagsain ang spectrum ng mga media outlet para sa mga botante upang itaas ang potensyal para makita ng botante ang mga materyal na pang-impormasyon at pagpapalaganap tungkol sa sentro ng pagboto.

Mga Kasama sa Media

§4005(a)(10)(l)(i)(II), §4005(a)(10)(l)(i)(VIII)

Ang OCROV ay magkakaloob ng mga pagpapalabas ng balita, nilalaman ng video, at nilalaman ng social media para sa pangmaramihang pamamahagi at paglalathala sa mga kasalukuyang kasama sa media at humanap ng ibang mga pinagkatiwalaang pinagkukunan sa media upang ihatid ang komunikasyon sa sentro ng pagboto. Ang mga opsyon sa kadaliang magamit, mga paraan upang humiling isang madaling magamit na balota, mga lokasyon ng sentro ng pagboto at kahong hulugan ng balota, ibang mga pangkalahatang impormasyon tungkol sa halalan at ibang mga pagsasapanahon sa pagboto ay ibabahagi sa mga kasama sa media. Para sa isang listahan ng mga kasama sa media, mangyaring tingnan ang pahina 57 sa Mga Apendise.

Bilang karagdagan, si Tagapagrehistro ng mga Botante Neal Kelley ay madalas na humaharap sa lokal at pambansang media upang magsalita bilang eksperto sa mga halalan at magbigay ng pananaw ng isang opisyal sa halalan. Ang mga ganitong uri ng oportunidad ay gagamitin upang ispesipikong suportahan ang mga pagbabago sa malawak na pakikipag-ugnayan.

Mga Kasama sa Media para sa Wika

§4005(a)(10)(l)(i)(I)

Ang iba't ibang komunidad ng County ng Orange ay tumatanggap ng mga balita at impormasyon mula sa iba't ibang pinagkukunan, kabilang ang media outlet para sa wika. Ang OCROV ay naglaan ng mga buong-oras na tauhan upang maglingkod bilang mga tagapamagitan sa mga komunidad na kailangan ng tulong sa wika at nakabuo ng matatatag na relasyon sa mga kasama sa media para sa wika sa mga komunidad na nagsasalita ng Espanyol, Tsino, Biyetnamis, Koreano, Farsi (Persian), at Tagalog. Ang impormasyon tungkol sa mga parating na halalan at ang walang-bayad na nakahandang linya ng tulong sa botante ay ibabahagi sa mga kasama sa media para sa wika. Para sa isang listahan ng mga kasama sa media para sa wika, mangyaring tingnan ang pahina 59 sa Mga Apendise.

Mga Tuwirang Kontak sa Botante

§4005(a)(10)(l)(i)(X)

Ang OCROV ay nagpaplano ng magpadala ng dalawa hanggang apat na direktang pagpapakoreo upang payuhan ang lahat ng nakarehistrong botante ng kahandaan ng walang-bayad na nakahandang linya ng tulong sa botante at sa mga parating na pagbabago sa mga halalan at pagboto. Ang mga pagpapakoreo ay maaaring magbago ng sukat pero ididisenyo upang makuha ang atensiyon ng botante sa pagpapakilala at pagmensahe ng sentro ng botante. Ang mga pagpapakoreo ay maaari ring magbigay ng impormasyon tulad ng mga opsyon sa pagboto, mga lokasyon ng sentro ng pagboto at kahong hulugan ng balota at mga oras, o kailan dapat umasa ng isang Patnubay na Impormasyon para sa Botante (VIG) o balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo (VBM).

Bayad na ang Selyo na Postcard para sa Paghiling ng mga Materyal sa isang Panghaliling Wika o isang Madaling Magamit na Format §4005(a)(8)(B)(iii)

Lahat ng nakarehistrong botante ay tatanggap ng isang bayad na ang selyo na postcard sa kanilang VIG upang humiling ng isang balota ng VBM sa isang madaling magamit na format at upang humiling ng mga materyal sa halalan sa mga panghaliling wika ayon sa §14201 ng Kodigo ng mga Halalan ng California at §203 ng pederal na Batas ng mga Karapatan sa Pagboto. Ang mga instruksiyon ay isasama sa VIG at sa website ng OCROV para sa pagkumpleto at pagbabalik sa postcard.

Mga Pahayag ng Serbisyo sa Publiko
§4005(a)(10)(l)(i)(VIII), §4005(a)(10)(l)(i)(IX)

